

ANG PAGKAKASAL NG CORDERO



Salamat, Kapatid na Edmonds. Pagpalain ka ng Panginoon.

Magandang gabi, mga kaibigan. Tunay na isang pribilehiyo ang makaparito muli ngayong gabi sa Fellowship Tabernacle. Nung pagdaan ko nga, kaninang hapon, at sinisilip-silip ko kung dito na ba 'yun, at nakita ko 'yung salitang "Fellowship," saktong-sakto talaga 'yun sa akin. Gustong-gusto ko kasi 'yun, Kapatid na Edmonds. Fellowship, ito ang pinaniniwalaan natin mismo.

² Isang matagal ko nang kaibigan, na nito lang ay yumao na para makasama ang Panginoon, marami sa inyo marahil ang nakakakilala sa kanya, si Dr. F. F. Bosworth. Marami sa inyo. Narito siya noon sa Phoenix, sa pagkaka-alala ko, nakasama ko na siya noon minsan, isang napaka giting na kaluluwa. At isa siyang . . . isang—isang . . . Isang matandang lalaking punung-puno ng kabanalan, ngunit may ugali din siyang nagpapatawa minsan. At sinabi nga niya sa akin, minsan, sabi niya . . . lagi ko kasing nababanggit ang tungkol sa fellowship. At sabi niya, "Kapatid na Branham, alam mo ba kung ano ang fellowship?"

Sabi ko, "Buweno, palagay ko oo, Kapatid na Bosworth."

³ Sabi niya, "Dalawang fellow 'yun sa loob ng isang ship." Aba'y, tama nga naman 'yun, magkasama sa isang bangka.

⁴ At hayan nga't marami sa inyo ang nagsipagtaas ng inyong mga kamay, na nakikilala n'yo nga si Kapatid na Bosworth. Yamang—yamang nakikilala n'yo siya, nais kong mangusap ng kaunting pananalita patungkol sa huli niyang mga sandali rito sa lupa. Matagal-tagal ko na rin siyang kakilala. At narito na siyang nangangaral ng Ebanghelyo at nananalangin para sa mga maysakit, bago pa man ako naipanganak. Kaya kita n'yo na kung gaano na siyang katanda. Binigyan siya ng Panginoon, ng sa palagay ko, mga walumpu't limang taon, parang ganoon, at napakagiting pa rin na matandang lalaki maski noong siya'y pumanaw na.

⁵ Nung pitumpu't lima siya, sa palagay ko mga nasa ganoon, siya at ako'y naroon noon . . . sa pagkaka-alala ko, sa Edgemont Hotel sa Miami. At nakakain na kami noon ng aming—aming hapunan, at naglakad-lakad kami sa dalampasigan kung saan humahampas 'yung mga alon, upang pagmasdan ang paglitaw ng buwan. At heto ako, mga nasa apatnapung taong gulang, hukot ang mga balikat, naglalakad-lakad doon nang paganoon. At siya naman, mga nasa pitumpu't lima, tuwid na tuwid pa rin ang pangangatawan. At tiningnan ko siya, at hangang-hanga talaga ako sa kanya. At sabi ko, "Kapatid na Bosworth, gusto sana kitang tanungin."

Sabi niya, “Sige ano ’yun, Kapatid na Branham.”

At sabi ko, “Anong edad ka sa palagay mo na masasabi mo na nasa kalakasan ka talaga?”

⁶ Sabi niya, “Ngayon mismo.” Buweno, nung mga sandaling ’yun, parang nakaramdam ako ng hiya sa sarili. At sabi niya, “Nakalimutan mo na yatang isa akong bata, na nakapaloob lang sa isang matanda nang bahay,” sabi niya. At ganoon nga si Kapatid na Bosworth.

⁷ Noong mabalitaan kong paroroon na siya upang katagpuin ang Panginoon, halos mapudpod ang mga gulong ng kotse ko, noong sumugod ako sa Miami, para makita siya. At pagdating ko at ng maybahay ko roon. . . Matalik ngang magkaibigan ang pamilya Bosworth at ang pamilya namin. At tumuloy na kami. Nakaratay sa isang maliit na sofa ang pinaka padre de pamilya ng angkan. At itinaas niya, ang maliit niyang nakakalbong ulo, at ang munti’t, nangangayayat niyang mga bisig ay iniabot sa akin, nang *paganoon*. Tumutulo ang mga luha sa aking pisngi. Hinawakan ko nang mahigpit ang mga bisig niya, at naiyak ako, “Ama ko, ama ko, ang mga karo ng Israel at ang mga mangangabayo niyaon!” Sapagkat, kung may matanda man na masasabing nagbigay ng karangalan sa gawaing Pentecostal, si Kapatid na Bosworth ’yun. Siyang talaga. Isa siyang bukod-tanging bulaklak.

⁸ At alam n’yo, ang unang bagay na nais niyang gawin noon, ay kuwentuhan ako ng isang nakatutuwang kuwento, kagaya nun, alam n’yo.

At sabi ko, “Kapatid na Bosworth, bubuti pa ba ang lagay mo?”

⁹ Sabi niya, “Naku, Kapatid na Branham. Sa katunayan wala naman akong sakit, talaga.” Sabi niya, “Yayaon lang ako patungo nang Tahanan.”

Sabi ko, “Buweno, napakainam kung ganun.”

¹⁰ Kagagaling lang namin noon sa mga dako ng pagmi-misyon sa Aprika, siya at ako. Sabi niya, “Sadyang napakatanda ko na para mabuhay pa nang matagal.” Sabi niya, “Yayaon na ako patungo nang Tahanan.”

Sabi ko, “Kapatid na Bosworth, anong maipapayo mo sa akin na dapat kong gawin?”

¹¹ At sabi niya, “Manatili ka sa Ebanghelyo.” At sabi niya, “Bumalik ka sa dako ng pagmi-misyon kaagad-agad sa abot ng makakaya mo.” Sabi, “Iyon ang maipapayo ko.”

¹² At sabi ko, “Kapatid na Bosworth, isa pang bagay ang nais kong itanong sana sa iyo.”

Sabi niya, “Ano ’yun, Kapatid na Branham?”

13 Sabi ko, “Ngayon, sa loob ng halos animnapung taon na ginugol mo para sa Panginoon, sa paglilingkod, o marahil higit pa.” At sabi ko, “Kailan’yung masasabi mong pinakamasayang sandali ng buhay mo?”

Sabi niya, “Ngayon mismo.”

At sabi ko, “Kapatid na Bosworth, alam mo naman sigurong malapit ka nang mamatay?”

14 Sabi niya, “Hindi na ako mamamatay pa. Namatay na ako maraming taon na ang nakalipas.” At sabi ko. . .Sabi niya, “Kapatid na Branham, lahat ng mahal ko’t pinahahalagahan ko sa nakalipas na animnapung taon, hayan nga’t bubuksan na Niya yaong pintuan anumang oras at paparito na, para kunin na ako.”

Naisip ko tuloy’yun, *Ang Salmo Ng Buhay*.

Ang buhay na ipinamuhay ng mga dakila’y
paalala
Na buhay nati’y magagawang maipamuhay
nang kahanga-hanga,
Dahil sa kanilang paglisan, sa atin ay iniwan
Ang kanilang pinagbakasan sa panahong
buhanginan;

At tunay na nag-iwan nga siya ng pinagbakasan, sa akin.

15 Bago siya namatay, o suma- . . .dumako sa Kaluwalhatian, mga isang oras, o marahil higit pa, bago siya sumakabilang-buhay. Siya ay tila nahihimbing noon nang ilang oras; at ang kanyang maybahay, mga anak na lalaki, mga minamahal sa buhay ay nakatayo roon sa palibot, at nagising ang matandang lalaki, tumingin-tingin siya sa paligid, tumayo, at tumakbo sa palibot, at nakipagkamay sa kanyang ina na yumao na nang maraming taon, kasama ang kanyang ama. At sa loob ng halos isang oras na’yun, nakipagkamay siya sa mga tao, sinasabi, “Ito si Kapatid na John. Oo, lumapit ka noon kay Cristo sa aking pagtitipon dun sa Joliet, Illinois. Heto si Kapatid na . . .” Nakikipagkamay sa kanyang mga naakay sa pananampalataya na mga yumao na, nang maraming taon.

16 Sinasabi ko nga—nga sa inyo, naniniwala akong sa oras na patawid na tayo mula sa lupang ito patungo sa kabilang ibayo, naniniwala akong sa sandaling’yun kung kailan. . .Magiging mahirap tawirin ang ilog, tila mahirap, alam n’yo. Naniniwala akong marahil sasabihin ng Panginoon sa mga mahal natin sa buhay, “Pumaroon kayo sa ilog at katagpuin sila roon.” Gaya nung sinabi ni Jacob, tayo’y titipunin kasama ng ating bayan balang araw.

17 Hinihintay ko rin ang pagdating ng araw na’yun. At kung matapos na ako sa buhay ko rito, o matapos na ang Diyos sa akin dito, at makita kong napagtagumpayan ko na ang bawat

moog na mapagtatagumpayan ko, mabagtas ang bawat sukal, at maakyat ang bawat burol, nais kong lumingon, at tanawin kung saan ako nanggaling, sa pagtawid ko roon sa ilog.

¹⁸ Lagi ko nga itong sinasabi, kagaya ng mga kapatid nating itim, may munting awitin sila roon na inaawit-awit, “Ayaw kong maantala sa pagtawid ko sa may ilog.” Nais kong ituwid ang dapat ituwid ngayon pa lang.

¹⁹ Marahil kailangan nang ibalik ang tabak sa kaluban nito’t, hubarin na ang turbante, at ilapag ito sa may dalampasigan, at itaas ang aking mga kamay at sumigaw, “Ilabas Mo na po ang bangkang pangsagip, Ama. Yayao na ako sa tahanan ngayong umaga.” Tiyak na naroon nga Siya. Huwag kayong mag-alala. Sinasampalatayanan ko ’yan. Sa palagay ko ’yun ang mithiin ng bawat isa sa ating mga puso.

²⁰ Ngayon, tunay ngang isang napakadakilang pribilehiyo ang makaparito ngayong gabi kasama ng kalugod-lugod na pastor sa dako rito at ng kanyang iglesya, at sa dakilang gawaing ito, at sa mga naglalakbay kay Cristo, dito sa dulong ibayo rito ng Phoenix. Sapagkat, tunay nga, na mga manlalakbay tayo. Mga manlalakbay at mga taga-ibang bayan tayo rito. Naghahanap tayo ng isang Bayan.

²¹ Gaya ng ipinangusap ko kaninang umaga sa tabernakulo ni Kapatid na Fuller, patungkol sa Maharlikang Binhi. Ngayon, kung may teyp rekorder kayo, hindi ko pa ito nasasabi. Hayan nga’t may nangyari nitong umaga, na aking. . . Kung may teyp rekorder kayo, kung makakakuha kayo ng kopya ng teyp, tiyak ko, magiging malaking kagalakan ito sa inyo. May dala-dala rian si Kapatid na Maguire, itong *Ang Maharlikang Binhi Ni Abraham*.

²² Kita n’yo, si Isaac ang binhi ni Abraham, na isang Hudyo, sa natural. Subalit ang Maharlikang Binhi ay si Cristo, sa pamamagitan ng pangako, at ang Cristo na iyan ay ang Salita ng Diyos na nahayag. At nasa puso na natin ito ngayon habang ating. . . “Kung Ako. . . Kung kayo’y magsipangatili sa Akin, at ang Salita Ko’y magsipangatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin, at gagawin sa inyo.”

²³ Yamang, nabanggit ko ’yan, dito po sa Phoenix, maraming beses na rin akong pabalik-balik dito. . . Ang unang beses na naparito ako’y tatlumpu’t limang taon na rin ang nakalilipas. At doon sa may 16th at Henshaw, doon ako tumira, namasukan sa Circle R Ranch, doon sa may Wickenburg. At nagtungo nga ako roon kasama ng anak kong babae sa may 16th at Henshaw. Nagtungo ako roon at hinanap ’yung lugar noong isang araw, at hindi na pala Henshaw ang tawag dito ngayon. Buckeye na pala. At isa na itong malaking siyudad dito sa mismong sentro ng Phoenix. Nagbago na ngang lahat.

²⁴ At nagpunta ako at ang maybahay ko sa South Mountain, upang tanawin mula roon ang Phoenix. Naisip ko, mga tatlong daang taon ang nakalilipas, wala sigurong kahit anuman dito kundi mga koyote, cactus, at mga gaya lang nun. Pero ngayon isa na itong malaking pamosong siyudad. Ngayon, sabi ko, “Honey, nabago ba o nabaluktot? Ikaw na ang magsabi. Para sa akin kasi, nabaluktot na ito ngayon. Haya’t, ang naglalalaking mga gusali rito’t naggagandahang mga istraktura’y kay iinam naman sana kung nagpaparoo’t parito sa lansangan ang mga kalalakihan at mga kababaihan, na nakataas ang mga kamay sa Diyos, nagpupuri sa Diyos, at namumuhay na gaya ng mga magkakapatid na lalaki’t mga babae sa isa’t isa; sa halip na panay paglalasingan, sugalan, paninigarilyo, pagsisinungaling, pagnanakaw, bahay-inuman kung saan-saan, panay kasamaan. Pero sa gitna ng lahat ng ’yan, hayan nga’t. . .”

Pagkatapos sinabi ng maybahay ko sa akin, “Kung ganoon, Billy, para saan at narito tayo?”

²⁵ Sabi ko, “Hayan nga’t, honey, mula nung maupo tayo rito, mga lalabing-limang minuto pa lang ’yun, ilan na kayang kasinungalingan ang nasabi na riyan sa ibaba? Ilan na kayang sumpa ang ipinanumpa, na ginagamit-gamit pa ang Pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan? Gaanong karami kayang sigarilyo, gaanong karaming wiski ang nainom, gaano kayang karaming pangangalunya ang nagawa, at ang lahat ng ’yun, sa loob ng huling sandaling, narito tayo?”

Sabi niya, “Hindi ba’t nakaka pangilabot isipin nun?”

²⁶ Ngunit sabi ko, “Heto ang dahilan kung bakit narito tayo, honey. Ilang tapat na pananalangin ang naidulog na sa itaas mula nung naparito tayo? ‘Kayo ang Ilaw ng sanlibutan.’ Iyan nga ang dahilan kung bakit narito tayo, upang maiatang natin ang ating mga balikat kasama ang mga maliliit na iglesya rito, gawin ang lahat nang magagawa natin, upang makatulong sa pagsulong. Upang maging isang. . .”

²⁷ Kayong lahat, na mga banal, ay pagpapala sa akin. Umaasa akong magiging pagpapala rin ako sa inyo, sa pagdalaw ko rito. At nung, nung malaman kong makadadalaw ako sa iba’t ibang mga denominasyon at mga organisasyon, at—at sa iba’t ibang mga iglesya, at sa iba’t ibang dako, sa mga kapatiran sa buong kapatagan ng Phoenix, napuspos mismo ng galak ang puso ko. Makadadalaw po ako bago ’yung pagpupulong kung saan ako naimbitahang magsalita, doon sa pagpupulong ng Christian Business Men sa, pagkaka-alala ko, Sabado ng umaga nang agahan, at pagkatapos nun sa pagtitipon naman ng Linggo ng hapon, sa parating na, sa darating ring Linggong ’yun. At isa ngang pribilehiyo sa akin parati ang makita ang mga kapatiran dun. Sa palagay ko’y may nasa dalawampu’t limang daan ang

kaya nilang paupuin dun. Napakaraming upuan nun para sa ating lahat. At umaasa kaming magkikita-kita tayo roon.

²⁸ Pero bago 'yan ay may pagkakataon akong makasama ang mga kapatiran dito, at makadalaw sa iba't ibang iglesya rito, at makapangusap. Sa palagay ko nga'y naging masigasig ako sa pangangaral ko kaninang umaga na hayon tuloy at pinaos ko ang sarili ko sa pangangaral, nang mga isang oras at kalahati. At maikli nga lang 'yun kung tutuusin. Kadalasa'y hindi ako bumababa nang tatlo o apat na oras sa pangangaral, doon sa—sa simbahan dun sa amin. Ako nga'y. . .Hindi naman kasi ako mangangaral. Kaya dinadaan ko—ko sa pagbubunyi nang may buong kagalakan sa Panginoon. Kayang-kaya ko ngang gawin 'yun. Sa—sa palagay ko'y gustong-gusto ko lang talaga ang ganun, kaya 'yun ang ginagawa ko lagi. Minsan apat o limang beses kong ginagawa 'yun, pinaghihintay ko tuloy ang mga tao imbis na makauwi sila agad, kaya alam kong totoo nga 'yun. At ngayong gabi, sa katunayan, baka ala una na po tayo makauwi. Hayon nga't, may posibilidad ngang ganun. Kung puwede, nga lang. . . Napakainam kasi ng espiritu sa paligid, at ang lahat ng narito'y kalugod-lugod, natitiyak kong may nakalaan sa ating pagpapala ang Espiritu Santo.

²⁹ Ngayon, ngayon hindi ako nakakapagdaos ng mga gawaing pagpapagaling sa mga pagtitipon. Ako nga. . . Isang gabi, doon kay kapatid na. . . sa Jesus' Name, ano nga uling pangalan nung pastor dun? Kapatid na Outlaw. Sa simbahan ni Kapatid na Outlaw, napakarami roong nagnanais na maipanalangin. Kaya sinabi ko sa anak ko na mamigay ng prayer card. At sa loob ng dalawang gabi, bumuhos nang lubos ang Espiritu Santo sa gusali, hanggang sa. . . Alam n'yo nga ang nangyari. Nakadalo na kayo sa mga pagtitipon ko. Nakadalo na po kayong lahat. Nakita n'yo roon ang pagkilos ng espirituwal na pagkilala, at ang iba pa. Ngunit ngayon napansin ko ngang dumarami ang dapat na maipanalangin na. At napansin ko agad 'yun, nitong Miyerkules pa lang at Huwebes. Naisip kong maghihintay ako hanggang sa pagkatapos ng Linggo, dahil kung magsasagawa ka ng gawaing pagpapagaling sa simbahan. . .

³⁰ Nakita n'yo, lagi kong—lagi kong ipinababatid sa lahat saan man ako magpunta na ang bawat isa'y manatili sa inatang sa kanilang tungkulin pagsapit ng Linggo, kita n'yo. Ang mga espesyal na pagtitipong gaya nito ay upang dalawin lamang ang mga kapatiran. At hangad naming—naming manatili ang lahat sa kani-kanilang tungkulin, 'pagkat hinihintay kayo roon ng inyong pastor, at dapat na naroon kayo.

³¹ Kaya—kaya naman iniisip ko, bukas ng gabi, kung loloobin ng Panginoon, hindi ako. . . Saan nga ba tayo naroon bukas ng gabi? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Doon sa Tempe, sa simbahan ni Kapatid na O'Donnell."—Pat.] Kina kapatid na O'Donnel, sa Tempe, Arizona. Ngayon, kung wala naman po

kayong anumang—anumang espesyal na gawain sa simbahan n'yo, at may mga maysakit kayo sa inyo, hayan, mananalangin ako para sa mga maysakit, bukas ng gabi, magkakaroon tayo ng pila para sa pananalangin na lagi kong ginagawa, para sa mga maysakit, sa—sa Lunes siguro, Martes. Tingnan natin, ako nga'y . . . ako'y . . . Oh, ako'y may . . . May dadalawin po ba akong simbahan sa Miyerkules ng gabi? ["Oo."] Miyerkules ng gabi. At 'yung . . .

³² At magsisimula na ba 'yun ng Huwebes, tama po ba, 'yung pagpupulong? [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Narito yata sa akin 'yung iskedyl . . . ? . . ."—Pat.] Sige, kapatid. May ipababatid ang kapatid. ["Hayan po, narito kami ngayong gabi. At bukas ng gabi nasa Tempe Assembly of God naman kami. At pagkatapos sa Mountain View sa Sunnyslope naman sa beintetres. At pagkatapos sa Central Assembly sa beinte-kuwatro."] Sige, tamang-tama 'yan. ["Hindi ko maalala, kung tama 'yun. Napaglabo-labo ko yata."] Huwag mo nang alalahanin 'yun.

Nung isang araw nga napag-uusapan 'yang, tungkol diyan sa, "Hindi ko maalala."

³³ At sabi sa akin ni Kapatid na Jack Moore, sabi, "Sa tingin mo ganoon ka nang kalala?" sabi niya.

³⁴ Sabi ko, "Kapatid na Jack, kapag nagsasalita ako, hindi ko talaga maalala kung tungkol saan 'yung sinasabi ko."

³⁵ Sabi niya, "Huwag mong isiping malala na 'yan." Sabi, "Ako nga tumatawag sa telepono, ako mismo 'yung tumatawag, pagkatapos ay sasabihin ko, 'Anong pakay mo?'" Buweno, 'yun talaga ang malala! . . . ? . . . Oh!

³⁶ Kaya, naku, para bang nagpapatawa na tayo rito, na sa palagay ko'y hindi tamang sabihin 'yun sa pulpito. Subalit ang mga anak ng Diyos ay sadyang mga masasayahing anak, talaga, alam n'yo, kaya tayo'y—tayo'y ganoon minsan. Sa palagay ko'y nakakatuwa nga 'yun.

³⁷ Kayo po rito, marami nga sa inyo, ang nakakakilala kay Kapatid na Jack Moore. Siya'y taga-Shreveport, Louisiana, Life Tabernacle, napakabuting kapatid talaga. At hayan nga't sinasabi niya 'yun sa akin. Isa rin siyang kontratista, po pala.

³⁸ Sabi niya, "Huwag mong isiping malala na 'yan, Kapatid na Branham." Sabi, "May tinawagan ako noong isang araw, at tinawagan ko ang numero nila." At sabi, "Sumagot sila, sabi, 'Hello.' Sabi ko, 'Buweno, anong pakay mo?'"

Naisip ko, "Buweno, malala na talaga yata 'yan, Kapatid na Jack."

³⁹ Kaya ngayon naman, sa palagay ko'y magiging mainam, na ang mga kaibigan natin dito na nagnanais na maipanalangin, dalhin lang nila ang mga kamag-anak nilang maysakit, atin po silang ipananalangin.

⁴⁰ Ngayon, sa gabing ito, pinagbubulay-bulayan ko kanina kung ano ang ipangungusap ko ngayong gabi sa kalugod-lugod na munting iglesyang ito. Naisip ko, “Buweno, hindi ko alam kung ano.” Kukuha lang ako rito ng isang munting teksto, at ipagkakatiwala sa Panginoon ang pagsasa-ayos ng mga salita kung saan dapat ito maisaayos, at ipaubaya itong pumuwesto sa tama nitong posisyon kung saan magiging malaking tulong ito sa kanino man. Hayan nga’t. . . Hindi ko binubuo ang aking teksto sa sarili ko. Sinisikap kong damhin ang pangunguna, at maglilista lang ako rito ng ilang mga Kasulatan, at iba pa. At—at pagkatapos, kung mag-iba ng direksyon ang pangunguna ng Panginoon, hayan nga’t susunod lamang ako sa pangunguna Niya. At sa palagay ko’y ganoon dapat ang gawin natin. Di po ba? Ganoon dapat ang gawin.

⁴¹ At ngayon may isang bagay lang—lang akong—akong nais hilingin, ipinababatid ito sa bawat iglesya sa lokal na katawan. At ’yun ay, kung maaari. . . Kapag naipanalangin n’yo na ang inyong pastor at ang mga mahal n’yo sa buhay, huwag n’yo po akong kaliligtaan, ’pagkat nababatid ko, na sa pagdaan ng mga araw, nalalapit na talaga, papalapit na tayo sa dulo ng landas.

⁴² At kalilibing lang ng nanay ko, ilang linggo pa lang ang nakararaan. At hinawakan ko siyang mainam sa mga bisig ko hanggang sa kunin na ng Diyos ang kanyang hininga’t kanyang kaluluwa patungong Langit. Pinagmasdan ko ang magiting na pagkamatay ng isang babaing puspos ng Banal na Espiritu, at nakita ko siyang humantong doon sa dulo ng landas. Naisip ko, “Oh, ninanais kong—kong ang bawat nanay ay maging katulad niya. Kailangang may gawin talaga ako para. . . gagawin ko ang makakaya ko, upang maipakita sa mga tao kung gaanong kahalaga ang bagay na ’yun.”

⁴³ At, mga kaibigan, naniniwala akong mas malalim pa ito sa inaakala natin. At sa palagay ko’y hindi natin ito binibigyan nang ganoong pagpapahalaga kaysa sa dapat nating ibigay. Sa palagay ko’y dapat nating isaisip. Kung ang Diyos ay napaka banal na ang mga Anghel ay napakarumi sa Kanyang harapan, gaano pa naman kaya tayo? Kita n’yo? Tama nga naman. Kaya nais nating isaisip ’yan. At alalahanin n’yo, ang Diyos ay nasa Walang Hanggan, na higit na mas maliwanag kaysa sa lahat ng mga araw sa kalawakan. “Banal, banal, banal,” hayan nga ang mga Anghel na nangakatakip ang mga pakpak sa ibabaw ng kanilang mukha, at sa ibabaw ng kanilang mga paa, lumilipad-lipad sa Kanyang Presensya, sumisigaw, “Banal.” Kaya anong kalagayan dapat tayo? Kaya ating. . . Pinagsusumikapan nating gawin ’yan.

⁴⁴ At—at naniniwala nga akong, ang Kaharian ng Diyos, ay tulad sa isang lalaking kumuha ng isang lambat at nagtungo sa laot, sinabi ni Jesus, at naghulog ng lambat. At noong hinila na niya, sari-sari ang kanyang nalambat. Subalit ang mabuting

isda, ay siyempre, tinipon; at ang iba pang isda na kumakain ng bulok ay ibinalik sa tubig, tulad nitong ulang, at—at 'yung ahas, butiki, pawikan, at iba pa. Hayan nga't nilalambat ng mga lambat ng Ebanghelyo ang lahat ng mga sari-saring 'yun. At tayo'y . . . Darating sa isang panahon na ihuhulog natin ang ating huling lambat, Kapatid na Adams. Siyanga. Hindi ikaw o ako ang makapagsasabi kung alin dun ang isda o kung alin ang hindi. Hindi natin 'yan alam. Basta inihuhulog lang natin ang lambat at hinihila ito. Ganun lang. Diyos ang nakakakilala ng Kanya. “Yaong mga nang una'y Kanyang nakilala, ay Kanyang tinawag; at yaong mga Kanyang tinawag, ay Kanyang inaring-ganap; at yaong mga Kanyang inaring-ganap, ay Kanyang niluwalhati.” Kaya naghihintay lang tayo, inihuhulog lang ang lambat. At isang pribilehiyo sa akin ang makatayo sa simbahan ni Kapatid na Edmonds sa gabi pong ito para makatulong sa paghuhulog ng lambat sa dakong ito, upang makita kung may isda pa riyan ang Diyos para sa Kanyang Kaharian.

⁴⁵ Ngayon, bago natin basahin ang Salita, makipag-usap tayo sa May Akda ng Salita pansumandali habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

⁴⁶ Habang nakayuko ang ating mga ulo, sa kabanalan ng sandaling ito, hayan nga't papalapit na tayo sa Salita ng Diyos na buhay, na siyang Diyos, mayroon po kayang narito na may kahilingan sa kanilang puso, na ninanais nilang alalahanin sa panalanging ito. Ipaalam n'yo po sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay.

Panginoong Jesus, masdan Mo po ang mga tagapakinig, talastas Mo ang bawat puso.

Salamat.

⁴⁷ Pinakamabiyaya't banal na Diyos, ang Makapangyarihan sa lahat, El Shaddai, na nagpakita noon kay Abraham sa Pangalan ng “Makapangyarihan sa lahat, dibdibang-Diyos, Tagapagbigay-kalakasan, Tagakandili ng mahihina,” pumarito Ka sa amin ngayong gabi, Ama. Alam naming kami'y may mga kahinaan at mga pagkukulang. Ipinahahayag namin ang aming mga kasalanan sa Iyong harapan, at inilalapag ang mga ito sa Iyong dambanang tanso ng paghatol, at hinihiling na alisin ito ng Dugo ni Jesus Cristo, sa isinasagawa naming paghahandog na ito. Ipagkaloob Mo po ito, Oh Diyos.

⁴⁸ Ipinapasakop namin ang aming mga puso at ang lahat ng taglay namin, at maging ang kaunting talentong ipinagkaloob sa amin. Panginoon, gamitin Mo nawa ito sa ikaluluwalhati ng Diyos.

⁴⁹ Pagpalain Mo po ang iglesyang ito, ang kalugod-lugod na pastor sa dako rito, ang mga diyakono, mga tagapangasiwa, at ang lahat ng nasa lupon, at bawat miyembro na dumadalo sa bahay-sambahang ito na tinatawag na “Fellowship.” Diyos,

idinadalangin kong ang mga kalalakihan at mga kababaihan, sa pagpasok nila sa pintuan sa dakong ito, mangahikayat nawa sila ng kalugod-lugod na kaayusan ng Espiritu Santo sa loob ng gusaling ito. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

⁵⁰ Patawarin Mo ang aming mga pagkakasala, at aming mga pagsalangsang, amin ngang hinihiling muli. Alalahanin Mo ang mga nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Doon sa ilalim ng kamay na 'yun, Panginoon, may puso po roong humihiling ng isang bagay mula sa Iyo, at marahil Ikaw lamang ang tanging makapagbibigay nito. Idinadalangin kong ipagkaloob Mo po ito, Ama. Anuman ang pangangailangan nila, ipagkaloob Mo po sa kanila nang sagana. Kung may mga maysakit, Panginoon, pagalingin Mo sila. Kung may sinuman diyan na nadadapa sa tabing-daan, palakasin Mo po ang isang 'yun, ang tuhod niyang nanghihina. "Ang gapok na tambo, ay hindi Niya babaliin, ni ang timsin na umuusok ay hindi Niya papatayin." At alam nga naming di Niya kailanman ipagsasawalang-bahala ang gapok na tambong 'yun; ibabalik Niya 'yun sa ayos. At idinadalangin ko, Amang Makalangit, kung may mga espiritu ritong bagbag, o—o nawawalan ng pag-asa, o nanghihinang mga kamay na nanlulupaypay, at mga tuhod na nanghihina, maipanumbalik nawa ang mga 'yun ngayong gabi, Panginoon. Pumarito nawa ang Espiritu Santo at pagalingin ang aming mga puso't mga espiritu, at ang aming mga katauhang pisikal, at heto't ibibigay namin sa Kanya ang lahat ng mga papuri para rito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

⁵¹ Kung nais n'yong makibuklat sa Kasulatan, para sa mga tatlumpung minutong pananalita, nais kong samahan n'yo ako sa pagbasa rito sa aklat ng Apocalipsis, sa ika-19 na kabanata. At nais kong basahin pababa hanggang sa ika-7 talata, itong lahat.

Pagkatapos ng mga bagay na ito ay narinig ko ang gaya ng isang malaking tinig ng isang makapal na karamihan sa langit, na nagsasabi, Aleluya; Kaligtasan, . . . kaluwalhatian, at karangalan, at kapangyarihan, ay nauukol sa Panginoon nating Dios:

Sapagka't tunay at matuwid ang kaniyang paghatol: sapagka't hinatulan niya ang bantog na patutot, na siyang nagpasama sa lupa ng kaniyang mga pakikiapid, at iginanti nga niya ang dugo ng kaniyang mga alipin sa pamamagitan ng kaniyang kamay.

At sila'y muling nangagsabi, Aleluya. At ang usok niya ay napaiilanglang magpakailan kailan man.

At nangagpatirapa ang dalawangpu't apat na matatanda at ang apat na nilalang na buhay at nangagsisamba sa Dios na nakaupo sa luklukan, na nangagsasabi, Siya nawa; Aleluya.

At lumabas ang isang tinig sa luklukan, na nagsasabi, Purihin ninyo ang ating Dios, ninyong lahat na mga lingkod niya, ninyong lahat na mga natatakot sa kaniya, maliliit at malalaki.

At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na pagkulong, na nagsasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoong ating Dios na Makapangyarihan sa lahat.

Tayo'y mangagalak at tayo'y mangagsayang mainam, at siya'y ating luwalhatiin: sapagka't dumating ang pagkakasal ng Cordero, at ang kaniyang asawa ay nahahanda na.

⁵² Nais kong mangusap ngayong gabi patungkol sa paksang pinamagatang: *Ang Pagkakasal Ng Cordero*, nang kaunting sandali upang. . . Familyar na familyar tayo sa Kasulatang ito. Hayan pa nga't natatalakay na ng inyong butihing pastor ang paksang ito nang maraming beses na.

⁵³ At, kaya naman, nalalaman nating magkakaroon talaga ng isang Nobya, at magkakaroon ng isang hapunan sa kasalan na ihahain sa kalangitan. Tiyak na tiyak ngang mangyayari 'yan, kung papaanong tiyak ang Diyos, sapagkat ito'y ang Kanyang Salita. At alam na nating yaong mga bubuo ng Nobyang 'yun ay ang Kanyang Iglesya, at harap sila sa Kanya na walang dungis at kulubot. At taglay na nila ngayon ang sangkap sa lupa upang ihanda ang kanilang mga sarili. Kung mapapansin n'yo, sabi Nito, "Siya ay nahahanda na."

⁵⁴ Napakaraming nagsasabi, "Kung aalisin ng Panginoon ang masamang espiritu na ito sa akin, ng pag-inom, ng pagsusugal, ng pagsisinungaling, ng pagnanakaw, paglilingkuran ko Siya."

⁵⁵ Subalit nakasalalay din naman 'yan sa inyo. Kita n'yo, kailangang may gawin din naman kayo, siyanga naman. "Ang magtatagumpay ay magmamana ng lahat ng mga bagay." Ang mga magtatagumpay. May kakayahan nga kayong gawin 'yun, hayan nga't kinakailangang buo sa loob n'yong isantabi ito. Kita n'yo? "Inihanda na Niya ang Kanyang Sarili." Gusto ko ang Salitang 'yan.

⁵⁶ Nakita n'yo, hindi tayo maaaring isiksik ng Diyos sa isang masikip na tubo, tapos hihilain tayo sa kabilang dulo, at saka sasabihin, "Mapalad ang magtatagumpay." Samantalang wala naman kayong anumang pinagtagumpayan; pinaraan Niya lang kayo hanggang sa dulo. Hayan nga't kailangan rito ang inyong pagpapasya. Kailangan kong magpasya para sa sarili ko. Sa pagpapasyang 'yun, ipinakikita natin ang pananampalataya at paggalang natin sa Diyos.

⁵⁷ Pinangakuan ng isang anak si Abraham, subalit kailangan niyang manatili sa pangakong ito sa loob ng dalawampu't limang

taon, sa lahat ng tagumpay-at-kabiguan na naranasan niya, pati mga tukso, sa loob ng dalawampu't limang taon na 'yun. Sa kabila n'yan nanghawakan siya sa salita ng pangako.

⁵⁸ At pinangakuan ng isang lupang pangako ang Israel, subalit kinailangan nga nilang ipaglaban ang bawat pulgada nito. "Bawat dakong tungtungan ng talampakan ng inyong paa, ay naibigay Ko na sa inyo," sinabi ng Diyos kay Josue. Naroon nang lahat ito. Naroon ang lupain, at ibinigay na ito ng Diyos sa kanila, subalit kinailangan nilang makipaglaban para rito.

⁵⁹ Ganoon din ito sa Makalangit na pagpapagaling. Ang Diyos ay may kapangyarihan para pagalingin kayo, kung buo sa loob n'yong tanggapin ito, subalit kinakailangan n'yong ipaglaban ang bawat pulgadang tutungtungan.

⁶⁰ May kamangha-manghang biyaya ang Diyos para mailigtas kayo, at gagawin Niya 'yun, subalit kailangang makipaglaban kayo sa bawat pulgada na inyong tutungtungan.

⁶¹ Nangangaral ako sa likod ng pulpito, na magtatatlumpu't isang taon na, at bawat pulgada nun ay walang humpay na pakikipaglaban, sa tuwina. Tunay na ganoon nga.

⁶² "Subalit kinakailangan nating makipaglaban kung tayo'y mangaghahari." Hayan nga't nalaman nating kinakailangan nang ihanda ng Nobya ang Kanyang Sarili. "Itabing walang liwag ang bawat pasan na pumipigil sa atin, upang matakbo nating may pagtitiis ang takbuhing nasa harapan natin." Kailangan nga nating itabi ang mga ito, tayo mismo. Hindi natin puwedeng sabihin, "Diyos, pumarito Ka, itabi Mo po ang mga ito para sa amin." Kailangang may pagkukusa tayo, na gawin natin.

⁶³ Ngayon, gusto kong pinagbubulay-bulayan ang tungkol sa kasalan. Nagkaroon na ako noon ng pribilehiyo na magkasal ng mangilan-ngilang tao. At sa palagay ko, kapag dinadala ko ang isang kabataang lalaki at isang kabataang babae sa may altar, at pinagmamasdan silang naglalakad sa gitna ng simbahan; at ang babae'y, napakaganda sa damit niyang pangkasal, at ang belo'y nakatabing sa kanyang mukha at nakalaylay pababa; at ang nobyo naman, ay matikas, maayos ang pananamit; at nasa kanilang kabataan at puno ng sigla, habang naglalakad doon sa araw ng kanilang kalakasan, at manunumpa ng panunumpa bilang mag-asawa, sa tingin ko nga'y may bagay na kaibig-ibig doon. May bagay ngang sagrado, hayan nga't ipinapaalala nun sa akin na magkakaroon ng isa pang dakilang kasalan balang araw, kapag ang Nobya ni Cristo'y naglalakad na roon sa daan ng Kaluwalhatian.

⁶⁴ Ihahanda ng Nobyo ang lahat ng bagay. Magkakaroon ng kasalan at ng isang hapunan. Gustong-gusto nga nating isip-isipin na mauupo tayo sa may dulang kaharap ang isa't isa, at makikipagkamay sa isa't isa, at ang mga luha ay guguhit sa ating mga pisngi. At hayan ding, darating Siya, papahirin

ang lahat ng mga luha mula sa ating mga mata, sasabihin, “Huwag kayong umiyak. Tapos na ngayon ang lahat. Pumasok na kayo sa kagalakan ng Panginoon na nakahanda na para sa inyo mula pa nang maitatag ang sanlibutan.” Oh, kapatid, mas lalong paiigtingin nun ang pag-ibigan natin sa isa’t isa.

⁶⁵ Sa palagay ko’y ’yun ang nagaganap sa Iglesya, sa Nobya sa panahon ngayon, na binubuo nitong lahat ng mga iglesyang nananampalataya kay Cristo. Hindi nga ang gusali kung saan ginagawa ang panambahan, ni hindi rin ang organisasyon o ang denominasyon, kundi ang mga indibiduwal na nasa iglesya ang bumubuo sa Nobya.

⁶⁶ May butihing kaibigan ako sa Louisville, Kentucky, si Dr. Wallace Cauble, na isang ministro ng Church of Christ, at dumulog at tinanggap ang Banal na Espiritu, at nagpapastor sa isa sa mga kilala’t, pinakamalaking mga iglesya sa Louisville, ang church of the Open Door. Isa siyang pinakamamahal na kaibigan sa akin. At ilang araw ang nakararaan, nakatayo ako roon sa may kalsada, at nakita ko siyang papalakad sa kalsada. At noon pa ma’y pinakamamahal ko na siya, at ganoon din ako sa kanya.

⁶⁷ Hayan nga’t isang araw ay sumailalim siya sa operasyon sa tonsil, at labis-labis ang kanyang pagdurugo. At isinugod nila siya sa Saint Joseph Hospital, at sinabi nila roong mamamatay na raw siya. At tinawagan ako ni Gng. McSpadden, sabi, “si Dr. Wallace Cauble.” Hindi ko pa siya noon kakilala, pero alam ko ’yung napakalaking simbahan ng Open Door. Sabi, “Nag-aagaw buhay na siya. Tinurukan na siya ng gamot ng mga doktor, at kung anu-ano pang remedyo. Tinahi na nila. Patuloy pa rin siyang dinurugo, at hindi nila mapigil ang dugo. Ayaw mamuo ng dugo niya, at, alam mo, kailangang mapigil na ang pagdurugo.” At sabi, “May mga misyonero sila sa loob, at gusto ka nilang pumaroon, para ipanalangin siya.”

⁶⁸ Buweno, marami-rami na rin akong naririnig patungkol kay Dr. Wallace Cauble, at kaya para bang medyo nag-aatubili tuloy ako, pero tumuloy pa rin ako. At noong tuminging-tingin ako sa loob ng silid ng ospital, may mga misyonero at kilalang mga ministro, naroroong lahat, umiiyak at nananalangin. At naisip ko, “Oh, naku! Ano ba naman ako, na isang hamak na holy-roller, ang papasok doon? Mas mabuti sigurong manatili na lang ako rito sa labas.” Kaya dun na lang ako sa likod ng salansanan ng Coke sa may pasilyo lumuhod. Nanalangin ako sa Diyos, na—na mahinto na ang pagdurugo, ni Kapatid na Cauble. Pagkatapos kong lumuhod doon ay umuwi na ako.

⁶⁹ Kararating ko lang ng bahay noon, nang mga labinlimang minuto, at tumunog uli ang telepono, at tinatanong nila kung bakit tila natatagalan ang pagdating ko, at wala pa ako roon. At ang sabi ko, “Ako—ako nama’y pumunta. Pero marami na kasing

naroon. Tila—tila ba hindi na ako kailangan pa sa loob, 'yun ang nadama ko, kita mo, marami, na kasing mga ministro sa loob na mga kilala pa.”

⁷⁰ Pagkatapos ang sabi, “Dali’t pumarito ka na ngayon.” Sabi, “Hindi na siya mabubuhay pa nang matagal.”

⁷¹ Kaya bumalik ako, muli. At pagpasok ko roon, tiyempong may babaing Katoliko siyang pinatatanggap kay Cristo bilang sarili nitong Tagapagligtas; at dinurugo nga siya noon, at may lumalabas pang dugo mula sa bibig niya. Pumasok ako.

At sabi niya, “Kumusta ka?”

⁷² At sabi ko, “Kumusta ka?” Nakaupo siya sa may higaan, at umuubo nang paganoon, at may dugong lumalabas.

At sabi niya, “Anong pangalan mo?”

At sabi ko, “Ako po si Kapatid na Branham.”

⁷³ At napaiyak siya, niyapos niya ako. Lumuhod ako roon.

⁷⁴ Ngayon, si Dr. Wallace Cauble 'yun, ng church of the Open Door sa Louisville. Maaari n'yo siyang tanungin sa liham. “Tumigil ang dugo noon ding segundong 'yun.” Hindi na 'yun nagdugo pa, mula noon. Kita n'yo? At kami ay naging lubos, na napakabuting magkaibigan mula noon. At noong isang araw, nakasalubong ko siya. At ang sabi niya . . .

⁷⁵ Si Oswald J. Smith, marami sa inyo ang nakakakilala kay Kapatid na Smith. Isa siyang ginagalang na misyonero, at dumadalaw-dalaw siya kina Kapatid na Cauble, dahil lugod na lugod siya sa kapatid na ito. Sabi niya, “Kapatid na Cauble, alam mo ba,” sabi niya, “Ako . . .” Patungkol 'yun sa maybahay niya. Sabi niya, “Noong bago pa lang akong kinasal,” sabi, “Pakiramdam ko'y, buweno, sakaling nagkamali ako, ako'y, oh, puwede naman akong magpakasal uli,” dahil batang-bata pa siya noon. “Pero,” sabi, “pagkatapos na dumating sa amin ang mga bata,” sabi, “hayan nga't para bang napakahirap kung mawawala siya sa akin. At habang tumatanda ka, hayan nga't, ganyan—ganyan talaga ang mararamdaman mo.”

Sabi ko, “Sa palagay ko'y tama nga 'yun.” Ako ay . . .

⁷⁶ Kung paano kami dumating sa usapang 'yun, alam n'yo nga itong angking galing ng mga babae pagdating sa pamimili, at kabilang na riyang asawa ko. At siya ay reyna pagdating sa lahat ng 'yan. Talagang natatagalan niya. Samantalang ako'y suko sa sakit ng paa, sa paglilibot sa kalsada kasama niya. At sinasabi sa akin ng naturang kapatid, sabi, “Buweno, talagang hindi mo kakayanin nang wala siya.” At sa ganoon nga kami nakarating sa ganoong pangungusap.

⁷⁷ Pag-uwi ko, naupo ako roon sa silid, nagbubulay-bulay, “Ganoon pala 'yun.” Ginamit ko ang kaisipang 'yun sa ibang konteksto.

⁷⁸ Alam n'yo, noong bago-bago pa lang ako sa . . . tapos naging mangangaral ng Missionary Baptist, inakala ko, "Kung hindi Baptist ang isang tao, aba'y hindi siya ligtas. Yun na 'yun." At habang bitbit-bitbit ko ang Biblia sa tagiliran ko, inakala kong tinawag ako ng Panginoon para gawing Baptist ang lahat. "At ang lahat ng hindi naniniwala na gaya ng paniniwala ng mga Baptist, aba'y hindi sila maibibilang."

⁷⁹ Sa paglipas ng mga araw, inakala kong sa akin lang nakaatang ang lahat ng tungkuling 'yun, para gawin mag-isa. At paglaon nalaman ko, napansin ko ang isang kapatid na may simbahan, isang pastor. Grabe din siyang magpagal, kagaya ko. Sa katunayan n'yan, nasa ilalim din naman siya ng talukbong ng tungkuling 'yun, alam n'yo.

⁸⁰ Pagkatapos ay nalaman naming, kailangan namin ang isa't isa. At ngayon, sa hinaba-haba rin ng panahong magka-agapay kami, sadyang para bang napakahirap kumilos nang wala ang isa't isa. Yun nga 'yun. Sadyang kailangang kaagapay namin ang isa't isa, siyanga. At naniniwala akong nagaganap na 'yan sa pangmalawakang gawaing pentecostal. Nagagalak akong makita ang mga harang na 'yan ng malamig na pakikitungo sa isa't isa na gumuguho, nagsisimula nang magtipon nang sama-sama ang Iglesya ng Diyos sa pagbubuklod. Ibig sabihin n'yan ay nalalapit na ngang talagang dumating ang kasalan ngayon. At ang mga bato, iba-iba man ang kanilang pagkakatabas sa isa't isa, may lugar sila sa gusaling iyon, kung mga bato nga sila ng Panginoon.

⁸¹ Ngayon, ang pagkakasal, sa isang banda, ay isang tipo. Ang pagkakasal dito sa lupa ay isang tipo ng makalangit na pagkakasal. Ngayon talakayin natin ito, nang ilang sandali, atin ngang tugaygayin ito nang ilang sandali.

⁸² Unang-una sa lahat, kailangang may pagpapasya. Ang unang-una, nga, sa natural na pagkakasal, ay pagpapasya. Kailangang magpasya ang dalaga, kung gusto niya itong binata; at ang binata, kung gusto niya ang dalaga. Kailangang may pagpapasya, at kailangan n'yong gumawa ng pagpapasya. Kailangang siya lang ang nag-iisang babae sa mundo na mamahalin mo, at kailangang siya lang ang nag-iisang lalaki. Kung hindi, ibig sabihin nagkamali ka ng pagpapasya.

⁸³ At ganoon din naman ito sa pagpapasya para kay Cristo. Ang unang-unang bagay na dapat mong gawin, ay magpasya kung paglilingkuran mo ang Diyos at tatanggapin Siya bilang iyong Tagapagligtas, o hindi mo gagawin 'yun. Ang sanlibutan ba ang paglilingkuran mo? O si Cristo ang paglilingkuran mo? Kailangang buo ang pagpapasya mo. Kailangang sigurado ka sa pasya mo. Kapag buo na ang pasya mo, na alinman sa Diyos o sa kayamanan ang paglilingkuran mo, saka ka pumili. Ngunit kailangang buo ang pagpapasya.

⁸⁴ At pagkatapos, matapos mong magpasya, anuman 'yun, saka papasok sa kasunduan. Na, dadalhin mo talaga sa altar. Kailangan mong pumasok sa kasunduan bago ka magkaroon ng pakikiisa. At ganoon ito sa Iglesya ni Cristo. Kinakailangan nitong kasunduan kay Cristo, isang—isang pangakuan, isang pakikipagkasundo, isang pag-iibigan.

⁸⁵ At pagkatapos, ang kasunod, ay—ay pangakuan. Kailangan ng pangakuan sa isa't isa, halimbawa mangangako ka. “Sinta, kung pakakasalan mo ako, ipinapangako ko na magiging tapat at totoo ako sa iyo. Hindi ako titingin sa iba pang babae.” O, “Hindi ako titingin sa iba pang lalaki. At gagawin kong lahat 'yun bilang tungkulin, bilang asawang babae. Magkakaroon tayo ng mga anak, gagawin kong lahat ang tungkulin ng—ng isang ina. Ako, ako'y magiging isang butihing maybahay.” Ang lahat ng mga pangakong ito'y sasambitin, o kinakailangang sambitin, sa isang naaangkop na kasalan.

⁸⁶ At ganoon din ito sa iyong paglapit kay Cristo. “Panginoon, kung tatanggapin Mo ako sa Iyong Kaharian, ipinapangako ko.” Hayan nga. “Iibigin Kita. Magiging tapat ako sa Iyo. Paglilingkuran Kita, araw at gabi.” Nakalulungkot lang isipin na nalilimutan natin 'yun. “Paglilingkuran Kita, araw at gabi. Mag-aayuno ako. Mananalangin ako. Magiging tapat ako sa Iyo. Dadalhin ko ang aking mga ikapu sa kamalig. Ako, ako'y—ako'y mananalangin, nang maraming beses kada araw. Aking—aking gagawin ang kahit ano. At ipinapangako ko ang lahat ng pag-ibig ko sa Iyo.” Ganoon dapat ang gagawin n'yo. Ganoon nga mismo, kung saan ipapangako n'yo 'yun, at kinakailangan ngang galing 'yun sa puso.

⁸⁷ Kung ipapangako mo sa asawa mong lalaki 'yun, at hindi naman galing sa puso, di taos sa iyo, ganap ngang di tama ang pamumuhay mo sa piling niya. Para ba itong pakitang-taong relasyon lang.

⁸⁸ Tingnan n'yo rito. Kung—kung wala na kayong ngipin, at gumagamit na lang kayo ng pustiso, ngayon, wala namang problema 'yun. May pamalit kayo sa ngipin na dating mayroon kayo. Ngunit, kung tutuusin, ang mga ngipin na 'yun ay di talaga konektado sa inyo. Hindi 'yun bahagi n'yo. Kung ang—ang braso n'yo naman ay putol, at maglalagay kayo ng pekeng braso, buweno, ang brasong 'yan ay hindi talaga konektado sa inyo. Idinikit lang ito sa inyo. Kita n'yo? Hindi ito konektado sa inyo.

⁸⁹ At kapag dadalhin natin ang ating pangako kay Cristo, kung hindi tayo magiging kabahagi Niya, kung papaanong ang isang babae ay dapat na maging bahagi ng isang lalaki at ang isang lalaki ay bahagi ng babae, kung gayon mga artipisyal na Cristiano tayo. Hindi tayo, tunay. Hindi ka tunay na kasal sa babaing 'yan. Maaaring tapat ka nga. Pero kung di mo tunay na

mahal ang asawa mong lalaki, at siya'y animnapu o pitumpung taong gulang na, at di mo siya iniibig na katulad nung pag-ibig mo sa kanya nung simula, kung ganoon ay tila tagapag-alaga ka lang pala ng mga anak niya.

⁹⁰ Ganyan na ganyan ang mga iglesya sa panahon ngayon, napakaraming ganyan ngayon. Nakakabit lang sa atin ang pangalan ng "Iglesyang Cristiano," nagkukunwaring Nobya. Gayong, artipisyal lang pala. Hindi tayo talaga konektado kay Cristo saanman tingnan. Katulad lang tayo sa artipisyal na ngipin, artipisyal na braso, artipisyal na mata. Kita n'yo? Artipisyal nga ang tawag kung idinudugtong lang natin ito. Buweno, di mo maaaring idugtong-dugtong lang ang pagiging Cristiano. Kailangang konektado ka talaga rito.

⁹¹ At kaya naman sa isang iglesya na isang artipisyal lang, na naturingan lang na iglesya ni Cristo, buweno, ang mga anak na naroon kung ganoon ay wala pala Roon, sila na ipinanganak ng siya ring organisasyong 'yun. Isa lamang. . . Hindi nga sila mga anak ni Cristo. Mga anak sila ng denominasyon, at hindi mga anak ni Cristo.

⁹² Kung hindi konektado ang babae sa lalaki nang buong katapatan, kung ganoon hindi niya ito asawa. Isa lang siyang lalaking kanyang sinumpaang kakasamahin sa buhay, at mali ang kanyang sinumpaang. Nangako ang babaing mamahalin ang lalaki, at sinabi niyang mahal niya raw ito, pero hindi naman niya 'yun ginawa. Simula't sapul, nadaya ang lalaki.

⁹³ Subalit may isang bagay na tiyak, mga kaibigan, hindi natin madadaya si Cristo. Kilala Niya ang Kanya.

⁹⁴ Hayan nga't, kita n'yo, una, ay pagpapasya. Kasunod, ang kasunduan. Pagkatapos, pangako.

⁹⁵ At, pagkatapos, seremonya. At sa puntong 'yan kukunin na ng nobya—ng nobya ang pangalan ng nobyo. Hindi na niya dala ang sarili niyang pangalan. Dala-dala na niya ang pangalan ng nobyo.

⁹⁶ At kapag naganap na ang seremonya sa Iglesya, sinambit na ang kanilang pangako, saka niya dadalhin ang Pangalan ng Nobyo. Kung magkagayon hindi na siya iglesya ng sanlibutan. Siya na ang Iglesya ng Panginoong Jesus Cristo. Amen. Hindi. . . hindi ko ibig sabihin, dito'y, sa Pangalan lang. Ang ibig kong sabihin, dito'y, sa Kapanganakan, sa pamamagitan ng kalikasan, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sa pamamagitan nga nitong inihayag na Katotohanan ng Diyos, sa puso, isa na siya ngayong Iglesyang Cristiano, ang dakilang pangkabuuang apostolikong Iglesyang Cristiano. Siya'y bahagi na ngayon ni Cristo. Kapag nangyari na 'yun sa kanya, kanyang. . . ipapasok ni Cristo sa kanya ang Kanyang sariling Espiritu, ang Kanyang sariling Buhay. At sinabi ng Biblia, kay Adan at kay Eba, roon, "Hindi na kayo dalawa, kundi isa na." At kapag ang babae, ang

Iglesya, ay ikinasal na kay Cristo, di na sila dalawa pa. Sila'y Isa na. Si Cristo sa loob ninyo! Amen. Ganoon nga. Ang Buhay Niya ay inilagay na sa loob ninyo, kaya naman kayo'y magiging Nobya na.

⁹⁷ Saka, isa pang bagay, pagkatapos niyang mangako ng lahat ng mga pangakong 'yun, at ng lahat pang iba, at natapos na ang seremonya:

⁹⁸ Halimbawa na lang, ang apelyido ng maybahay ko ay Broy bago siya ikinasal. Ngayon, hindi na siya Broy. Branham na siya. Ngayon, hindi na nga siya Broy. Siya'y Branham na.

⁹⁹ At kapag lumapit kayo kay Cristo, hindi na kayo bahagi pa ng sanlibutan. Kayo'y bahagi na ni Cristo. Kita n'yo? Hindi n'yo na alintana kung sa gayon ang mga bagay sa sanlibutan. Patay na ang mga bagay na ito sa inyo. "Sapagkat ang umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ay wala sa kanya ang pag-ibig ng Diyos."

¹⁰⁰ Kaya, nakita n'yo, hindi kayo maaaring maging artipisyal na Cristiano. Maaari kayong maging isang artipisyal, na nag-aangking Cristiano.

¹⁰¹ Subalit hindi kayo maaaring maging isang Cristiano, maging gayon, liban na ipasok ni Cristo ang Kanyang Sarili, sa pamamagitan ng bautismo ng Banal na Espiritu, sa inyo. Kung mangyari nga 'yan ay konektado na kayo sa Kanya. Hindi na kayo dalawa. Isa na kayo. Nangako si Cristo na pasasaatin, kung papaanong ang Ama ay nakay Cristo. "Ako at ang Aking Ama ay Iisa. Ikaw at Ako ay Iisa." Kita n'yo? Si Cristo sa loob natin! Ang lahat ng nasa Diyos, ay ibinuhos Niya kay Cristo. Ang lahat ng nakay Cristo, ay ibinuhos niya sa Iglesia, upang ipagpatuloy ang gawain ng Ebanghelyo.

¹⁰² Kaya naman tayo'y naging gayon, hindi sa pamamagitan ng artipisyal na pangalan, kundi sa pamamagitan ng realidad ng Espiritu Santo ng Buhay na ikinokonekta tayo kay Cristo. Samakatwid, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli, tayo ay ibinangon na mula sa mga patay na bagay ng sanlibutan, at nangakaupo nang kasama Niya sa Makalangit na mga dako. Amen. Gustong-gusto ko 'yun. Ngayong gabi, nangakaupo na tayo sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus, kita n'yo, binuhay na mag-uli kasama Niya; patay sa mga bagay ng sanlibutan, at tinanggap na si Cristo. At kapag tinanggap na natin si Cristo, kung ganun patay na ang sanlibutan, kung ganun di na natin ibig ang sanlibutan. Patay na ang sanlibutan sa atin. At tayo'y . . . At patay na ito sa atin, at tayo'y patay na rito.

¹⁰³ Kayo'y iba nang tao, iba nang pagkatao, sapagkat bago na kayong nilalang. Nilalang! Hindi ang dati ring nilalang, na pinakinis lang; hindi isang-isang tao na nagbuklat lang ng panibagong kabanata sa buhay. Kundi isang taong namatay,

at isinilang muli, at naging isang bagong nilalang kay Cristo Jesus, at ang Espiritu ng buhay na Diyos ay namumuhay na sa taong 'yun.

¹⁰⁴ Ngayon, kagaya nga ng isang babaing hindi na Broy, siya'y Branham na, at ganoon na ang pangalan niya.

¹⁰⁵ At ang Iglesya'y hindi na bahagi ng sanlibutan, kundi nasa Pangalan na ni Cristo, siya nga. Konektado siya sa Kanya, sa pamamagitan ng Kanyang sariling Buhay.

¹⁰⁶ Nabasa n'yo na ba sa Kasulatan, kung papaanong ang unang tao, na ginawa ng Diyos, ay—ay taong may dalawang bahagi? Si Adan ay kapwa Adan at Eba noon, sa espirituwal na pananalita, hayan nga't nang lalangin Niya ang unang tao ay sa Kanyang sariling wangis. "At ang Diyos ay isang Espiritu." Ngunit, nang ilagay Niya sila sa laman, pinaghiwalay Niya sila. Kinuha Niya ang panlalaking espiritu, inilagay 'yun sa lalaki, at kinuha ang pambabaing espiritu at inilagay 'yun sa babae.

¹⁰⁷ Ngayon, kapag nakakita kayo ng isang babaing nagnanais na kumilos na parang isang lalaki, may kung anong bagay na mali. Kapag nakakita kayo ng isang lalaking nagnanais na kumilos na parang isang babae, may kung anong bagay na mali. Kaya kitang-kita namang ang sanlibutan ay maling-mali, ngayon. Pinipilit ng mga kalalakhian na kumilos na gaya ng kababaihan; mga kababaihan gaya ng kalalakhian. Hayan nga. Ganoon nga.

¹⁰⁸ Ngayon tingnan n'yo. Napakasakdal nito, na noong ang Diyos ay kumuha at lumalang ng isang tao, at upang ipakita na hindi Niya gustong magmula 'yun sa iba, ang babae nga'y wala sa orihinal na paglalang. Kaya wala ang babae sa paglalang, pero siya'y bahagi ni Adan. Isa siyang kakambal na likha mula sa orihinal na produkto. Ang Diyos ay humugot sa tagiliran ni Adan, hindi para lumikha ng panibago uling nilalang, kundi kumuha ng bahagi sa isa nang nilalang at gumawa ng isa pang nilalang mula roon. At kinuha Niya ang panlalaking espiritu na nakay Adan. . . . At kinuha ang pambabaing espiritu na nakay Adan, pala, at inilagay 'yun sa babae. Kaya, kapwa espiritu at katawan, sila'y naging isa.

¹⁰⁹ Isa nga 'yang napakagandang tipo ng ginawa ng Diyos sa Kalbaryo. Kinuha Niya si Cristo, at ikinonekta Siya sa Iglesya, sa pamamagitan ng tagilirang nahapak, pinadaloy Niya ang Dugo na luminis sa tao, na nagpapabanal sa laman ng Iglesya, at inilagay ang Espiritu ng buhay na Diyos, na kinuha Niya sa may krus, mula kay Cristo, at inilagay Iyon sa indibiduwal. At pagkatapos sila'y naging isa na. Sila'y naging isa. Si Cristo at kayo'y naging isa.

¹¹⁰ At maging ikaw at ang iyong asawa ay dapat na isa. Kung may anumang pagkakaiba, kung ganoon may bagay na mali sa inyong pakikipag-isa.

¹¹¹ At kung may anumang pagkakaiba tayo, kay Cristo, hayan nga't di tayo sumasampalataya sa Kanyang Salita, sasabihing, "Oh, para lang 'yan sa ibang panahon," may kung anong bagay na mali sa ating pakikipag-isa sa Kanya. Kung sasabihin n'yong, "Lipas na ang mga araw ng himala; walang Makalangit na pagpapagaling; walang bautismo ng Espiritu Santo," iniuugnay n'yo 'yun sa ganito't ganyang panahon, ipinakikita lang n'yan na wala sa inyo ang Espiritu ni Cristo.

¹¹² Sapagkat, "Nang pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang-tao ang Salita." At kapag litaw na litaw na ang Kanyang Salita sa inyo, kung gayon, makikita n'yo, kayo at si Cristo ay iisa talaga. "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang Salita Ko sa inyo, hingin ninyo ang anumang inyong ibigin," sapagkat hindi na kayo 'yan. Ang Salita na 'yan ng Diyos, si Cristo na nasa inyo. Naging isa na kayo. Sige.

¹¹³ Tapos, isa pang bagay rito, pagkatapos niyang gawin 'yun, pagkatapos niyang maisakatuparan ang mga pangako niya, at maikasal na, at kunin na ang pangalan ng kanyang magiging asawa, ang pangalan ng nobyo, siya'y magiging tagapagmana na ng lahat ng pagmamay-ari ng lalaki. Siya'y tagapagmana na ng lahat ng bagay. Ang inyong maybahay ay tagapagmana ng lahat ng bagay na pagmamay-ari n'yo.

¹¹⁴ At ganoon din 'yun sa Iglesia, kung nalalaman lang niya ito, na Kanyang bahagi siya dahil sa Kanyang Espiritung nasa iglesia. Kanyang sinabi, "Gagawin din naman ninyo ang mga gawang Aking ginagawa. Lalong dakila kaysa rito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako'y paroroon sa Ama. Kaunti pang panahon, at hindi na Ako makikita ng sanlibutan; gayunma'y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasainyo, sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Ibig sabihin pala'y si Cristo ay nasa inyo na. Kayo'y konektado na sa isa't isa, at kayo'y mga tagapagmana nang kasama Niya.

¹¹⁵ At kung narito Siya sa lupa, anong Kanyang gagawin? Ang siya ring ginawa Niya noon, sapagkat Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Lagi Niyang ilalagay sa isip ang tungkol sa gawain ng Ama. Magpapagaling Siya ng maysakit. Magpapamalas Siya ng mga himala. Gagawin Niya mismo ang ginawa Niya nung narito pa Siya noon sa lupa, sapagkat Siya'y nananatiling siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Sadyang napakasakdal nga. Ganoon ang pagkakasal.

¹¹⁶ Subalit, ngayon, papaano kung magpakasal ang babaing ito, ipangako ang lahat ng mga pangakong ito at lahat na, at siya'y magiging asawa ng lalaking ito, at tagapagmana pa ng lahat ng pag-aari ng lalaki, at kung anu-ano pa, at pagkatapos nun siya'y mapapariwara? Sa simula mag-aalboroto muna 'yan. Simula na 'yan, at sasama-sama na 'yan sa ibang lalaki. Hindi

lang 'yun, kundi 'yung pag-ibig niya'y ibabahagi na rin niya sa iba. Ang lalaki at ang maybahay niya, lahat ng mga pangakong ipinangako nila sa isa't isa, at pagkatapos paroroon ang babae at ibabahagi na rin niya sa iba ang buhay niya, ang pag-ibig niya at pagmamahal sa iba.

¹¹⁷ Ganyan na ganyan ngayon ang ginagawa ng napakaraming tinagurian pa namang mga Cristiano, ibinabahagi n'yo na rin sa sanlibutan ang pag-ibig n'yo: ginagawang laro, nagsasayaw, nagsusugal, nananatili lang sa bahay kahit may pagtitipon sa pananalangin, para manood ng telebisyon, lahat na ng iba't ibang uri ng mga makasanlibutang bagay na pumalit sa lugar ng pag-ibig ng Diyos, sa puso ng iglesya. Sinumpong na siya. Napariwara na siya. Sumama-sama na siya sa ibang lalaki. Ibinabahagi na rin niya sa iba ang kanyang pag-ibig. Yung ikapu niya na dapat sana'y ibibigay niya sa iglesya; gagastusin niya sa iba't ibang mga bagay sa sanlibutan. Kanyang. . . Sa halip na kanyang ibigin ang Diyos sa paraang dapat niyang gawin, at mamuhay para sa Diyos, at mamutawi ang pag-ibig na dumalo sa simbahan, halos kailangan mo na siya ngayong hatak-hatakin para lang dumalo.

¹¹⁸ Aba, may alam nga ako, hindi pa katagalan dito, isang— isang ministro ang nakapagkuwento sa akin na nagpakalat siya noon ng marami-rami ring prayer. . . marami-rami ring card, para himukin ang mga taong pumirma, sa isang kasunduan na kailangang di bababa sa anim na buwan sa loob ng isang taon ang pagdalo nila ng Sunday school.

¹¹⁹ At nakakita rin ako ng isang dalagita roon sa may paanan ng burol, kung saan ako nagtratrabaho. At lumabas siya noon. At nakatayo ako roon sa may pintuan, kumatok ako sa pinto, at lumapit siya sa may pinto. At sa itsura pa lang niya ay isa nga siya roon sa mga pariwarang kabataang mahilig sa plaka, alam n'yo na.

¹²⁰ Gaya nitong grupo ng kabataan na inaresto rito sa Phoenix nung isang gabi, pa yata 'yun, na wiling-wili sa usong-usong kabaluktutan na—na rock-and-roll, o mga twister, anuman ang tawag nila roon, at nagpatawag pa nga sila roon ng pulis para madampot sila. Mga kabataan, hindi n'yo ba nauunawaan na isa 'yang espiritu ng diyablo? Kinasihan sila, hanggang sa hindi na nila mamalayan ang sarili nila, doon sa mga lansangan, na kung anu-ano na ang pinag-gagawawa.

¹²¹ Gaya nitong mga komedyante, o nitong mga tagasalang ng plaka, at mga nagpapatugtog sa radyo, at iba pa, na dumayo, sa siyudad kung saan ako naroon noon. At hinuhubad nitong mga kadalagahan ang panloob nilang damit at inihahagis 'yun sa entablado, para pirmahan nung binata sa itaas. Hindi n'yo ba nalalaman na 'yan ay diyablo? Isa 'yang espiritu sa mga huling

araw. Tunay. Labis na nakakahiya. Hayan nga, napariwara na talaga.

¹²² Yung dalagita, lumabas siya, ganoon na ganoon. Ni hindi man lang niya ako napansing. . . Nakalimutan niyang nakatayo ako roon sa may pintuan. At sabi niya, “Oh, pasensya na ho. Nakalimutan kong nakatayo pala kayo rian.” At nagmuwestra siya ng halik sa binata sa radyo, o parang ganoon, at sabi, “Magkita tayo sa Green Briar Patch,” o parang ganoon. May kung anong sayawan sila noong gabing ’yun.

At naikuwento ko nga ’yun kay Dr. Brown, na kaibigan ko.

¹²³ Sabi niya, “Kumusta naman ang lagay ng kongregasyon mo roon, Billy?”

Sabi, “Mabuti.” Sabi ko, “Binibigyan namin sila ng pills.”

Sabi niya, “Anong klase namang pills?”

¹²⁴ Sabi ko, “Gospels. Siguradong babalik at babalik sila dahil diyan.” Kita n’yo?

¹²⁵ At naikuwento niya sa akin ’yun, na nagpapapirma sila dun sa kanila ng kasunduan. At sabi ko, “Dr. Brown, sa palagay mo ba ’yung pariwarang binatang nagpapatugtog ng plaka sa radyo’y kakailanganin pa niyang papirmahin sa isang kasunduan ’yung dalagita para sumama nung gabing ’yun? Hindi na. Isasangla pa nga nung dalagita ’yung suot niya, para makaparoon lang.” Bakit? May kung anong bagay kasi sa kanya na ikinokonekta siya, isang espiritu, sa makamundong kaaliwan na ’yun.

¹²⁶ At liban na ang Iglesya ng buhay na Diyos, na tinawag na Nobya ni Cristo, ay maikonekta ang kanyang sarili sa Diyos na gaya nun, lulublob at lulublob pa rin siya dun sa sanlibutan, sa lusak ng putik ng kasalanan, hanggang sa maikonekta siya sa Diyos sa paraang, puspos na puspos ang kanyang puso sa kaluwalhatian at kapangyarihan ng Diyos, hanggang sa wala na siyang makitang iba pa kundi si Cristo. Siyanga.

¹²⁷ Iyon ang kailangan nating gawin. Iyon lang ang tanging pamamaraan, ang tanging programa na nilaan ng Diyos, ang gawin nga ang bagay na gaya nun. Hindi maaaring artipisyal lang ang pagkakadugtong sa iyo. Kailangan naipanganak ka, di lang basta kinamayan na kaanib na agad, o magpapaabot lang ng sulat sa iglesya. Kundi ang maisilang sa Iglesya ng buhay na Diyos, sa pamamagitan ng pagbabago, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo, na kayo’y gagawing bagong nilalang sa Kanya. Amen. Iyon ang magpapatuwid. Iyon ang gagawa nito. Tunay nga. Sige.

¹²⁸ Napariwara siya. Ibinabahagi niya na rin ang pag-ibig niya sa iba, sa mga makamundong bagay, mga makamundong pag-aaliw, nagpupunta sa mga dakong di niya dapat puntahan, nagsasalita ng mga bagay na di niya dapat sabihin.

129 Dito minsan ako'y...Yung mga kababaihan...nagtipun-tipon sila-sila na mga magkakasama sa simbahan dun sa itaas. Mangyaring nasa baba ako't may mga bagay na inaasikaso. At sinasabi ko sa inyo, nakarinig na ako ng mga kahiya-hiyang mga bagay noong makasalanang pa ako, pero, 'yung pagtitipon na 'yun ng mga kababaihan, hindi pa ako nakarinig ng biruang mas kahiya-hiya roon sa buong buhay ko. Maiisip mo ba, isang tao na ang taguri'y Cristiano, hinahayaang mamutawi mula sa kanila ang ganoong kahalayan?

130 Hindi ka makaiigib ng matamis at malinis na tubig mula sa parehas na balon. Maghulog ka ng timba sa balon, at pagkahila mo'y puno 'yung ng kiti-kiti, gaya ng tawag nun sa amin. Kapag ibinaba mo uli 'yung timba, ganun pa rin ang kalalabasan nun. Kailangang malinisang maigi ang balon, at mapuno ng malinis na tubig.

131 Ganyan na ganyan ang nangyayari sa kaiglesyahan ngayon, lalahatin na natin, hayan nga't kinakailangan siyang malinis maigi, mapuno ng mga banal na tubig ng Diyos mula sa Langit. Ang puso niya'y naging saluhan na ng kung anu-anong bagay na dumarating. Napakarami niyang manunuyo. Sinabi nga ng Biblia na magkakaroon nga siya. "Mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos, mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa tama."

132 Tingnan n'yo ang isang babaing nagsusumikap mamuhay nang tama, isang lalaking nagsusumikap mamuhay nang tama, siya'y nagiging "holy-roller," siya'y nagiging "panatiko," o kung anong makaluma. Siya'y itinatakuwil. Hinahamak siya at itinatakuwil ng mga tao ng sanlibutang ito. Siyanga.

133 Subalit napagtatanto n'yo ba kung ano ang dapat gawin ng tunay na Iglesia? Sa Lumang Tipan, kapag nagsagawa sila noon ng—ng paghahain, papatayin nila ang isang ibon, at ibububo 'yung dugo nun sa isa pang ibon, 'yung patay nitong kapareha; at lilipad 'yun sa sangkalupaan, habang ikinakalat ang dugo nung patay na kapareha. Kapag ang Iglesia'y naging tunay nang Nobya ni Jesus Cristo, dadalhin niya ang Dugo ni Jesus Cristo, ikakalat ito sa lupa, tumatawag, "Kabanalan, kabanalan, kabanalan, sa Panginoon." Ang kanyang lagay, ang bawat katiting na bahagi niya'y magiging sa Diyos. Ang kabuuan niya'y magiging sa Diyos. Wala ka nang makikita pa roong iba.

134 Iyan nga ang dahilan kung bakit may mga taong dumadalo sa simbahan, pa rin. Hindi para maglaro ng baraha at maglaro ng pusoy, magsayawan dun sa ilalim ng simbahan, magsalosalos sa isang pang-sosyalang hapunan at gayong mga bagay. Ang mga bagay na 'yan ay para sa sanlibutan. At hinding-hindi tayo dapat maging katulad nila, at dapat na mahiya tayo kung pinagpipilitan nating maging gaya nila. Dapat nating ipangaral

ang Espiritu Santo, sa kapangyarihan, at sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo. May bagay tayong taglay natin na wala sila. Ipamuhay natin ito, huwag natin silang gagayahin. Ipamuhay natin ang nalalaman nating tama. Mamuhay kay Cristo. Sinabi ni Jesus, “Kung Ako ay maitaas, palalapitin Ko ang mga tao sa Akin. Kayo ang asin ng lupa. Ngunit kung ang asin ay tumabang, kung gayon ay wala na itong kabuluhan kundi itapon sa labas at yurakan ng mga tao.” Yan ang patotoo natin!

¹³⁵ Hindi na nga kataka-taka, maging ang mga Pentecostal nating grupo, kahit na ayaw na ayaw ko sanang sabihin ito, nahuhulog ang mga Pentecostal nating grupo sa ganoon ding bagay, sa ganoon mismong kalakaran. At kaya naman hindi na kataka-taka kung sasabihin ng mga tao na wala naman sila nung sinasabi nilang taglay nila. Ang Iglesyang ito ng gawaing pentecostal ay dapat sana’y nababalutan ng kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, hanggang sa ang mismong Buhay ni Jesus Cristo ay maaninag Dito.

¹³⁶ Subalit gusto nating tularan ang sanlibutan. “Gagawin at gagawin namin ’yun, anumang mangyari.” Kita n’yo? “Ganito kasi ’yung gusto naming mangyari rito.” Ngunit hindi natin dapat gawin ’yun. Maling gawin ’yun. Ang mga kaiglesyahan ay parang ’yung babae, na napariwara.

¹³⁷ Nung pasimula naman, ayos na ayos siya, nung simula nga noong isinilang ng Diyos ang Iglesyang pentecostal na ito, mga apat o limampung taon na ang nakalipas. Namuhay siya nang may kabanalan. May kabanalan siya noon. Sumasakanya ang kapangyarihan ng Diyos. Ngunit sa pag-usad natin, nagiging kawangis na natin ang sanlibutan.

¹³⁸ Magugulat ka na lang, gusto na nating magkaroon ng mga naglalakihang panambahang hihigit sa gusali ng Methodist sa kabilang kanto. Gusto nating magkaroon nung naglalakihang bagay, ng naglalakihang bagay, at ng naglalakihang bagay, at ng naglalakihang bagay. Kahiya-hiya talaga. Marami sa atin ang nagiging mapagmataas na kapag nasa atin . . . Makakakita ’yung isang kapatid na Pentecostal, ng dumadalo dun sa maliit na gawain, o mumunting simbahan, at sila naman ay dumadalo sa isang malaking simbahan. “Kabilang kami sa unang iglesya, o sa malaking iglesya,” o parang ganoon; minamaliit ang iba.

¹³⁹ Ang kailangan n’yo ay ang Banal na Espiritu, na mag-aalis ng inyong pagka mahangin, siyanga, magpapabatid sa inyo na ang tunay na bautismo ng Banal na Espiritu ay magbubunsod sa isang naka-ternong tuxedo na yakapin ang isang nakapang-uring manggagawa at sasabihin, “kapatid.” Ganoon nga. Tunay na makalumang kaligtasan, ang kapangyarihan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat, hayan nga, po, ay magbubunsod sa isang nakapang-mamahaling sedang bestida na yakapin ang

isang nakapang-mumurahing katsa, at sasabihin, “Kapatid na babae, mahal kita.” Ganoon nga.

¹⁴⁰ Subalit unti-unti na tayong nakikisalamuha sa sanlibutan, natatangay sa agos. Ganyan ang nangyayari sa mismo nating iglesya. Hindi na natin kailangan pang pag-usapan ang mga Methodist at mga Baptist. Sarili natin mismo. Sa atin-atin dito mismo. Iyan ang dahilan kung bakit hindi nakakakilos ang Espiritu Santo. Iyan ang dahilan kung bakit sinasabi kong hindi mailagak ng Diyos ang Kanyang pagkilos sa alinmang organisasyon ngayong gabi. Dahil nga, hindi inilabas ang mga Gentil bilang isang bansa. Sila ay mga indibiduwal na lumabas mula sa mga Gentil, para sa Kanyang Pangalan. Indibiduwal ang kinukuha ng Diyos.

¹⁴¹ Ngayon, sa palagay ko’y gumagawa naman ng mabuti ang mga organisasyon natin. Walang kaso ’yun. Subalit hindi kayo maaaring umasa riyan, sasabihin, “Pentecostal ako, dahil kabilang ako sa isang organisasyong Pentecostal.” Pentecostal kayo kung nagkaroon kayo ng karanasang pentecostal. Walang kaso ’yun sa akin kahit na kabilang man kayo sa simbahang Katoliko, pentecostal kayo. Hindi n’yo maaaring iorganisa ang Pentecostes. Ang Pentecostes ay isang karanasan, hindi isang organisasyon. At ganun nga ’yun.

¹⁴² Subalit tayo na mga Pentecostal ang iniisip natin, ’pagkat may pangalan lang tayong Pentecostes, maaari na tayong magpatuloy at mamuhay sa sanlibutan, gawin ang anumang nasain natin. Para lang tayo niyang umaakyat ng tore ni Nimrod; mauwi lang sa abo. Gaya ng ipinantakip ni Adan na dahon ng punong igos; malalanta lang. Gaya ng Siegfried line sa Pransya, ng Maginot line sa Alemanya; nawasak lang.

¹⁴³ Sapagkat, wala nang iba pang tore, wala nang iba pang matatayuan. “Kundi ang Pangalan ng Panginooon na matibay na moog na tinatakbuhan ng matuwid at naliligtas.” Kapag tumakbo ka Rito, tinatanggap mo ang Pangalan, ang Pangalan; hindi lang basta-basta naturingan sa Pangalan, kundi ang Pangalan at ang buo mong pagkatao, katulad na ni Cristo ang pamumuhay. Amen. Kamangha-mangha nga Siya. Oo.

¹⁴⁴ Ganoon ang ginawa ng iglesya, nagkakasala ng espirituwal na mga pakikiapid, gaya ng isang babaing ibinabahagi niya ang pag-ibig niya sa ibang lalaki na dapat ay sa kanyang asawa lang. Di karapat-dapat na makasama sa buhay ang babaing gaya nun. Alam n’yo ’yan. At kapag unti-unti nang ibinabahagi ng iglesya ang pakikisama niya sa sanlibutan, ang Diyos nga’y mapanibughuin. Hiniwalayan nga Niya ang Israel dahil doon, at sa ganoon din makikipaghiwalay ang Kanyang Anak.

¹⁴⁵ Nararapat nga lamang na ang Kanyang magiging Nobya ay walang kulubot na makikita sa Kanya. Amen. Siya’y lubos dapat na nahugasan ng Sariling Dugo ng Diyos. Siyanga. Kaya

nakikita natin kung saan tayo dapat nakatayo, ang kasalan ay nakahanda nang maganap.

¹⁴⁶ Ngayon, nalaman nating nagkakasala siya ng espirituwal na mga pakikiapid, naglilimayon kasama ng sanlibutan, nag-aangking ganito't ganyan, pero iba naman sa ipinamumuhay. Hindi 'yun kailanman uubra. Ang dapat gawin ng iglesya, ay gawin ang tulad dun sa ginawa ni Esther. Tinanggihan niyang magayakan ng sanlibutan.

¹⁴⁷ Alam natin 'yung munting aklat na 'yun ni Esther, kung papaanong si Mardocheo. . . Ang kanyang amain ay may anak na babae. At panahon 'yun noon ng paghahari ng Medo at ng mga taga-Persia. Napakagandang tipo nun. Ang hari, isa sa mga pinaka dakilang hari sa mundo noong panahon na 'yun, nagdaos siya ng isang malaking kapistahan. At tinawag niya ang reyna upang maupo sa tabi niya, subalit ayaw gawin 'yun ng reyna. Tumanggi siyang gawin 'yun. Kaya anong ginawa nung hari? Labis-labis siyang napahiya, na hindi niya tuloy malaman kung ano ang kanyang gagawin, hayan nga't ayaw pumunta ng sarili niyang asawa.

¹⁴⁸ Sa palagay ko'y katulad na katulad 'yan ni Cristo ngayon. Inanyayahan tayo ni Cristo na maupo sa Makalangit na mga dako kasama Niya, at ikinahihiya natin 'yun. Maraming tao ang nahihiyang magsabing taglay nila ang bautismo ng Banal na Espiritu. Mga Pentecostal pa man din, siyanga, nahihiya silang sabihin 'yun. Ikinahihiya natin Siya.

¹⁴⁹ At hayan na nga't ayaw pumunta ng reyna. Tumanggi itong pumunta. Napahiya 'yung hari dahil dito. Namula ang kanyang mukha. Napansin ng lahat.

¹⁵⁰ Naisip ko tuloy kung hindi pa man mamula kahit kaunti ang mukha ni Jesus, kagaya nun, nung tawagin Niya tayo para sa isang gawain, tawagin ang gawaing Pentecostal para sa isang pagbubuklod-buklod at pagkakapatiran, at tayo nama'y napakariin ng pagkaka-organisa sa maliliit na grupo na hindi natin kayang magparaya man lang sa iba. Tayo'y lubos nang, nagiging makasanlibutan at mga ganoong bagay, ikinahihiya na natin ang pangalang Pentecostes. Natatakot ang ilang tao na magsabi. Sabihing, "Buweno, ako'y—ako'y kabilang sa . . . Isa akong Cristiano, pero . . ." Hayan nga't nagagalak akong taglay ko ang isang karanasang pentecostal. Amen. Nagagalak akong dalhin ang Pangalan ni Jesus Cristo. Ito ang pinakadakilang pribilehiyo na nakamtan ko kahit kailan, ang sabihin ngang ako'y bahagi Niya.

¹⁵¹ Ngayon nalaman natin, pagkatapos, na nagpatawag 'yung hari ng ilang tagapayo, upang tanungin sila kung anong dapat niyang gawin. At sinabi nila, "Kung magpapatuloy 'yan, lahat ng iba pang kababaihan sa buong bansa ay gagaya sa ginawa ng unang ginang."

152 Hayan na nga't, ganyan na ganyan ang nagaganap ngayong gabi. Tinitingnan ko nga ang ilang mga kababaihang gaya nun. Sana'y hindi ko masaktan ang mga damdamin n'yo, pero hayan nga't nagagawa ko, nawa'y magawa ko nga. Uh-huh. Siyanga. Pilit n'yong ginagaya anuman ang ipauso ng unang ginang, gaya na lang nitong pina-lobong gupit na 'yun. Wala pa akong nakikitang katulad nun sa buong buhay ko.

153 Noong isang araw ay may pumasok sa isang tindahan kung saan hinihintay ko ang maybahay ko, at ang buhok ng babaing 'yun ay *ganoong* kalaki, at may berdeng kolorete siya sa ilalim ng mga mata niya. Sabi ko tuloy, "Lumayo ka, halimaw. Magpapakabit na ako." Iyon na ang pinaka nakakatakot na nakita ko kailanman. Matatakot ka talaga rito. Ano 'yun? Ang unang ginang po. Ang unang ginang nga. Siyanga. At ginagaya n'yo ang ginagawa nun.

154 At hayaan n'yong sabihin ko ito ngayon. Hindi ko sinasabi ito nang may halong pagbibiro, kundi patalinghaga pa, upang makita n'yo. Ganoon na ganoon ang ginagawa n'yo na mga nakatatandang Cristiano na nakikita nitong mga nakababata. Ganoon nga mismo. Dapat sana'y naging mga halimbawa kayo. Kayong mga Pentecostal na nag-aangking taglay n'yo ang Banal na Espiritu, kayo dapat sana'y mga halimbawa para sa mga Methodist, at mga Baptist, at mga Presbyterian. Hindi katulad ng unang ginang, kundi katulad dapat kayo ni Jesus. Sinasabi Niya sa inyo *Rito* kung anong gagawin, paano 'yun gagawin. Dapat tayong sumunod sa Kanyang mga panuntunan at mga halimbawa. Ngunit nasumpungan natin itong ganito na pala. Si Esther. . .

155 Yung reyna, ayaw niyang makinig. Ayaw niyang pumunta; ipinahya ang hari. Sabi, "Kung—kung ganyang halimbawa ang ipinapakita ng unang ginang ng lupain, aba'y ang lahat na ng iba pang kababaiha'y gagaya rito. Kaya hayan nga't sa tuwing tatawagin ng lalaki ang kanyang maybahay, sasabihin nung babae, "Tumalon ka na lang kaya sa ilog." Kita n'yo? Grabe, naihula talaga nung lalaki ang mangyayari sa Amerika, diba? Ngayon, nalaman nga natin, nung maganap na 'yung mga 'yun, may lalaki roon na may angking karunungan, na lumapit at nagpayo sa hari. Sabi nung lalaki, "Ang bagay na nararapat ngang gawin ay itakwil siya. At ipaalam 'yun sa buong bansa, at ipatawag ang lahat ng mga dalaga, mga batang dalaga, at sa mga 'yun ay pumili ka ng mapapangasawa mo."

156 Nalugod dun ang hari. Kaya nagsugo siya, at nagsugo siya ng mga tagapangasiwa ng mga dalaga, at iba pa, na nagsihayo upang—upang sunduin na ang lahat ng mga batang dalagang masusundo nila, mga naggagandahang babae sa buong panig ng mga kaharian at mga lalawigan na kanyang nasasakupan, na siyang pinakadakila sa buong mundo.

¹⁵⁷ At noong ipagawa na niya, napabilang doon ang munting babaing Hudyo. Siya ay para bang hindi nabibigyan ng pansin sa lipunan, sapagkat, gaya ng mga Gentil, kita n'yo, siya'y isinasantabi lang. At wala siyang ama at ina. At si Mardocheo, na amain niya ang nagpapalaki sa kanya. At pinapunta na siya roon, para mapabilang.

¹⁵⁸ At kaya ang ginawa nila roon, kanila ngang dinala ang mga kabataang babae para sa paglilinis sa loob ng napakaraming buwan. Kanila ngang pinabanguhan sila at ginayakan ng sari-saring gayak, at inayusan silang maigi, para maging karapat-dapat daw silang makaparoon sa harapan ng hari.

¹⁵⁹ Ngayon, ganyan na ganyan ang gustong pagsasa-ayos ng sanlibutan sa kaiglesyahan ngayon. Gayakan ito ng sanlibutan; itulad sa mga bagay ng sanlibutan; nagsisikap na makakuha ng mas maraming miyembro, kung anu-ano ang ipinapasok nila sa kanilang gawain. Naku! Kahabag-habag talaga. Sinisikap na daigin ang ibang organisasyon, kung anu-ano ang ipinapasok para magkaroon lang ng miyembro. Maaari mo ngang dalhin sila sa isang organisasyon ngunit hindi sila makakapasok kahit kailan sa pakikisama kay Cristo liban na lang na sila'y malinis at maipanganak na muli sa Espiritu ng Diyos. Totoo 'yun. Maaari ngang nakalagay sa aklat nila roon ang pangalan nila, subalit hindi nakalagay 'yun sa Itaas, sa Aklat ng Buhay ng Cordero, liban na maisulat 'yun ng Dugo ng Panginoong Jesus.

¹⁶⁰ Lahat ng kababaihan dun, inayusan nila ang kanilang mga sarili, upang magmukhang maganda. At, oh, nakikinita kong may mga itsura naman sila, marahil kamukha ng unang ginang at ng iba pa. Inayusan nga nila ang kani-kanilang mga sarili sapagkat maharap sila sa hari.

¹⁶¹ Sa palagay ko'y ganyan na ganyan ang nangyayari sa ating mga kaiglesyahan ngayon. Sinisikap nilang ayusan ang mga sarili nila, sa makasanlibutang paraan, makasanlibutan ang kinagigiliwan, kung anu-anong makasanlibutan, gumagawa ng mga bagay na makasanlibutan, nakikihalubilo sa sanlibutan, iniisip na makakatagpo pa rin nila ang Hari. Hindi sinasang-ayunan ng Diyos ang mga bagay na gaya n'yan. Namumuhi Siya sa ganyan. Subalit nais nating kumilos na kagaya nitong sanlibutan.

¹⁶² Ilan sa mga iglesya natin ngayon, gaya ng sinasabi ko, ibinababa na ang pamantayan, kumukuha ng mga diyakono, at ng iba pa, sa iglesya, at kung minsan pa nga'y mga pastor, na apat o limang beses nang ikinasal, at—at ang ilan pa sa kanila'y naninigarilyo. Sasabihin, "Sa kanila'y—kanila'y walang kaso naman 'yun. Magiging maayos ang lahat." Kukuha sila ng tao galing sa isang bahay-inuman isang gabi, at ilalagay siya sa pulpito sa susunod na gabi. Hindi ako naniniwala sa ganoong walang kabuluhang bagay. Naniniwala akong ang isang tao'y

kinakailangang mapatunayan muna, siyanga, mapatunayan. Sinasabi ko nga sa inyo, maraming pagkakataon na inaakala nating . . .

¹⁶³ Naniniwala ako sa bautismo ng Banal na Espiritu. Naniniwala ako sa pagsasalita ng iba't ibang wika, subalit sa palagay ko'y masyado na tayong naglulumagi riyang. Maaaring makapagsalita nga ng iba't ibang wika ang isang lalaki, at makapagsalita ng iba't ibang wika ang isang babae, pero kung ang buhay ng babae at ang buhay ng lalaking 'yun ay hindi umaangkop sa wikang sinasalita, kung gayon isa 'yung taliwas na wika, 'pagkat pakikilusin ka dapat ng Espiritu Santo nang naaangkop sa Biblia. Dadalhin ka dapat Nito sa kapuspusan ng sukat ni Cristo.

¹⁶⁴ Kumuha kayo ng isang taong nagsasalita ng iba't ibang wika, na sa init ng ulo'y makikipagtagisan ng lakas ng ngitngit sa isang de motor na lagari, at kung anu-anong kuwento ang sinasabi tungkol sa mga kapitbahay, at lahat ng gaya nun. Aba, inaakala n'yo sigurong Espiritu Santo 'yun. Hindi maaari. Hindi, po.

¹⁶⁵ Ang Espiritu Santo'y kaamuan, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kagandahang-loob, pagtitiyaga, pananampalataya. Ang Espiritu Santo nga, 'yun ang bunga ng Espiritu, na ipinamumunga ng Espiritu sa Iglesya ng buhay na Diyos, kaluguran, at kababaang-loob, pagpapakumbaba, pag-ibig para sa isa't isa, pagpapahinuhod.

¹⁶⁶ Kung malihis man sa masama ang isang kapatid, huwag n'yong basta na lang siya hahamakin o kung ano man 'yan. Puntahan n'yo siya at tingnan kung maaakay n'yo siya pabalik. Huwag n'yo nang hintayin pang gawin 'yun ng mangangaral. Gawin n'yo na, sinuman sa inyo. Hindi kasi kayang gawin ng mangangaral ang lahat ng 'yun, maging ng mga diyakono. Ang lahat, ay miyembro ng Katawang ito ni Cristo, at dapat na magdamayan ang isa't isa. Taglay natin . . . At kung taglay natin ang Espiritu ni Cristo sa atin . . . Itinuro nga Niya ang dakilang parabula. Iniwan nila ang siyamnapu't siyam, at hinanap ang isang 'yun. Dapat sana'y ganoon ang gawin natin. Subalit sinasabi natin, "Oh, pabayaang n'yo sila." Dapat sana'y hindi ganoon ang ginagawa natin. Dapat sana'y maging marahan tayo, mapagpatawad, mapagpapahinuhod. Ganoon nga ang bunga ng Espiritu.

¹⁶⁷ Ngayon, nalaman na nga natin pagkatapos, na si Esther, pagkatapos niyang . . . Mailagay nila siya sa isa sa mga lugar na 'yun, upang maayusan niya ang kanyang sarili, upang ipakita siya sa harapan ng hari. Grabe! Tinanggihang niya 'yun. Hindi 'yun ang gusto niya. Ang gusto niya'y haharap siya bilang kung ano siyang talaga. Amen.

¹⁶⁸ May mga iglesya tayo ngayon na gustong kumilos na gaya ng sanlibutan, o dahil lumalaki tayo. Sinabi ng Diyos, "Minsan

siya ay maliit, pinaglingkuran nila Siya. Subalit noong lumaki na siya, kinalimutan na nila Siya.” Siyanga.

¹⁶⁹ Noong parang tunog lata lang tayo rito sa may eskinita sa kung saan, gamit ang isang tamborin, pinapatama 'yun sa ating palad; at isang lumang gitara, kinakaskas 'yun; at nagdaraos ng pagtitipon sa tabi ng daan, napaka mapagpakumbaba pa n'yo noon. Ngunit noong nagkaroon na tayo ng tatlo o apat na milyong dolyar na mga gusali, at naglalakihang mga bagay na tulad nun, aba'y naging mga napaka arogante naman natin na nakalimot na tayo, siyanga, pinakinis sa anyo ng sanlibutan.

¹⁷⁰ Nasa isang dako ako noong isang araw, sa isang kapatid na holiness, may mga tauhan siya roong namamasukan sa kanya. At ang bawat babae roong lumalabas sa oras ng pagkakape, para makapagpahinga sa trabaho't makapagkape, bawat babae roon ay kay iiksi ng buhok at naka-lipstick. Ngayon, sasabihin n'yo, “Kapatid na Branaham, wala kang karapatan para sabihin 'yan.” May karapatan ako. Sinasabi kasi 'yun sa Biblia. Siyanga.

¹⁷¹ Maraming kababaihang Pentecostal ang nagsusuot ng mga damit na para dapat sa kalalakihan, at sinabi nga ng Diyos na isa 'yung karumal-dumal sa paningin Niya. Siyanga. Ngayon paano n'yo aasahan pang mapupunta kayo sa Langit nang ganyan? Ipinapakita lang n'yan na wala riyan ang Espiritu Santo. Kung nariyan ang Espiritu Santo, sasawayin ka Nito. Tama. Oh, makasigaw ka man, makapagsalita ng iba't ibang wika, makatakabong paroo't parito, makapagsayaw sa espiritu. Nakita ko nang ginagawa rin naman 'yan ng mga Hindu, at ng mga Indian, at ng lahat na ng iba pa. Walang saysay ang lahat ng 'yan, maliban na may isang buhay na makapagpapatunay sa sinasabi mo, kapangyarihan ng Banal na Espiritu, na lumikha ng mga tao na banal ang pamumuhay. Hayan nga ang Nobya ni Cristo.

¹⁷² Si Esther ay nakalaan upang maging nobya, kaya inayawan niya ang anumang paggagayak ng sanlibutan. Ang gusto niya'y pumasok, maiharap sa hari, bilang kung ano siya. Ginayakan niya ang kanilang sarili na gaya ng nararapat sa mga babaing Pentecostal, ng isang maamo't mapagpakumbabang espiritu. At noong ang lahat ng mga kaakit-akit, na mga unang ginang ay nagsidaan na, sampu ng lahat ng kanilang mga usong-usong kung anong pandanggo, tiningnan sila ng hari, at inilagay sila sa mga silid kasama ng ibang babae ng hari. Ngunit noong lumapit si Esther sa paningin ng hari, at nasulyapan niya 'yung kalugod-lugod, mapagpakumbaba, maamong espiritu, ang sabi niya, “Siya na 'yan. Pumunta kayo't kunin ang korona at ilagay 'yun sa kanyang ulo.” Ganoon nga.

¹⁷³ Tulutan n'yo silang magayakan ng ganoong uri ng espiritu, hindi lang ang kababaihan, kundi ang kalalakihan, din naman, magayakan ng ganoong uri ng espiritu. Pagkatapos nun kayo'y

magiging handa na para maging—maging Nobya, kalugod-lugod, kapita-pitagan. Hayan nga't si Esther nga'y naglinis ng kanyang puso.

¹⁷⁴ Napakarami nating inaalala, lalo na itong panlabas na ito, oh, kailangan daw nitong sari-saring pantanggal ng kulubot, at sari-saring *ganito*, para—para pagka-abalahan.

¹⁷⁵ Hayan nga't matagal-tagal na rin, nakatayo ako noon sa isang—isang museo sa Tennessee. Napadaan ako sa isang maliit na lugar, at ipinapakita roon ang pagsusuri sa katawan ng tao. Sabi'y ang isang tao na tumitimbang ng sandaan at limampung libra, sa kemikal ay nagkakahalaga lang ng walumpu't apat na sentimo. Ngayon, ang taas ng halaga n'yo, hindi ba, walumpu't apat na sentimo lang pala? At ilan sa mga kababaihan, mga kababaihang Pentecostal, ay magsusuot ng limang daang dolyar na balabal na gawa sa balahibo ng hayop at taas-noo pa sila n'yan, na kung uulan, malulunod naman sila sa suot na 'yun, at ni hindi man lang aabot ang halaga nila sa walumpu't apat na sentimo, siyanga, sa kemikal. Katotohanan 'yun, hindi isang biro. Totoo nga 'yun. Walumpu't apat na sentimo, sasapat lang sa pambili ng kalburong ibinubudbod sa pugad ng manok, at ng kaunting calcium at iba pa. Walumpu't apat na sentimo, masdan n'yo nga 'yang maigi.

¹⁷⁶ Pupunta kayo sa isang restawran at kung makakita kayo ng...hahainan kayo ng mangkok ng sopas at may gagamba roon, idedemanda n'yo ang naturang restawran.

¹⁷⁷ Pero pinapayagan n'yo ang diyablong subuan kayo ng ubod sa duming telebisyon at ng mga bagay-bagay na baraha direktso sa inyong lalamunan, at nilulunok 'yun; pinasusuot kayo nung mahahalay na pananamit, ang mga kababaihan, gaya nitong maliliit na hapit na hapit na mga bestida na nagmumukha tuloy kayong binalot na longganisa, at lalakad doon sa daan nang ganong ang suot. At alam mo ba, kapatid kong babae, hindi ko pabironng sinasabi ito. Sasabihin n'yo pang mali ako.

¹⁷⁸ Pakinggan n'yo. Sinasabi ko nga ito. Kumilos kayo nang ganyan, at sa Araw ng Paghatol ay maibibilang kayo na isang mangangalunya. Tama. Sinabi ni Jesus, "Ang bawat tumingin sa isang babae na taglay ang pagnanasa ay nagkasala ng pangangalunya kasama ng babae sa kanyang puso." At kung may makasalanang dapat managot sa pangangalunya, sino 'yun? Ikaw. Sinong sanhi nito? Ikaw. Siyanga. Kung inilalantad n'yo ang sarili n'yo roon, upang magpakita sa harap ng mga kalalalahan, upang maging gaya ng sanlibutan at manamit na gaya ng sanlibutan.

¹⁷⁹ Sinabi ko 'yun minsan, at isang babae mula sa, Louisville, Kentucky, sabi niya, "Buweno, makinig ka, G. Branham. Gusto kong maunawaan mo ito!"

Sabi ko, "Sige po, ginang?"

Sabi niya, “Ganoong uri lang ng mga bestida ang ginagawa nila roon.”

Sabi ko, “Gumagawa naman sila ng mga makinang panahi at nagbebenta pa ng mga tela.”

¹⁸⁰ Dahil nga 'yun ang gusto n'yo. May kung anong mali sa inyo. Ganoon na nga 'yun mismo. Ginagawa n'yo 'yun hindi dahil 'yun ang uso. Ginagawa n'yo 'yun dahil kailangan n'yong gawin. Ginagawa n'yo 'yun dahil gusto n'yo.

¹⁸¹ Naninigarilyo kayo dahil gusto n'yo. Hindi n'yo naman kailangan. Sa palagay ko ang pinakahibang na bagay na nakita ko kailanman ay isang babaing nagdaraan sa kalsada, gaya ng malimit n'yong nakikita, sa sasakyan, ipit-ipit ang sigarilyo sa pagitan ng kanilang mga daliri. Aba, kahiya-hiya 'yun. Iyon na ang pinakamalaking pagsasabotaheng magpapabagsak nitong bansa natin, gayong sinasabi na ng mga doktor at taga-taguyod ng medisina na punong-puno 'yun ng kanser at ng lahat na ng kung anu-ano pa. At hinihitit pa rin nila 'yun, sa tuwina.

¹⁸² Tingnan n'yo ang isang babae, isa raw siyang Cristiano, nagbibilad doon sa pampang, sama-sama ang lalaki't babaing naliligo roon, na naka-bathing suit lang, nagbibilad doon. May dalawa akong anak na babae. Hindi ko sinasabing hindi nila magagawa 'yun. Kung sasabihin nga nilang magpapaitim sila ng balat. Makakatikim talaga sila ng pangingitim-ng-balat kung nabubuhay pa ako noon. Mangingitim talaga na parang *ganito*. Kita n'yo? Makakatikim nga sila ng pagpapaitim ni G. Branham, gamit ang pamalong *ganoong* kahaba. Naniniwala kasi akong mali 'yun.

¹⁸³ Tapos tatawagin natin ang sarili nating, “Oh, miyembro kami ng iglesyang Pentecostal.” Oh, mahiya nga kayo! Tama. Nangangailangan ng paglilinis ang iglesyang Pentecostal, mula sa harapan tuluy-tuloy hanggang sa likuran, at sa bodega at sa pinakailalim na silid, at sa pinakataas. Siyanga. At gayunman, sa kabila ng lahat ng ito, ito na ang pinakamainam na mayroon tayo. Subalit maari itong . . .

¹⁸⁴ Para bang 'yung paghihimagsik para sa pagbabago at 'yun ngang panahon noon ni Joan of Arc, nangangailangan ang Pransya noon ng isang rebolusyon, pagkatapos nangailangan naman sila ng isang pag-aaklas na rebolusyon para maituwid ang ilan sa mga bagay na unang pinaghimagsikan nila.

¹⁸⁵ Hayan nga din at kinakailangan ng iglesyang Pentecostal ang isang rebolusyon. Tama. Tunay nga. Isang paghihimagsik laban sa mga bagay na mali, at pagtanggap sa mga bagay na nararapat, amen, isang magpapanauling bautismo ng Banal na Espiritu: “Isang Iglesyang inihahanda na ang Kanyang Sarili!”

¹⁸⁶ Tandaan, hindi kailanman . . . Hindi n'yo maaaring sabihin, “Buweno, ngayon, kabilang ako *rito*, sa Assemblies. Kabilang ako sa Foursquare, o sa Church of God, o sa Jesus Name,” o—

o alinman sa mga 'yan. Hindi! Hindi kayo maaaring makapasok sa alinman sa kanila.

¹⁸⁷ Indibiduwal ang pagtawag sa inyo ng Diyos. At kayo ang kinakailangang malinis, sapagkat, “Kumukuha Siya ng isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Kanyang Pangalan, ang Kanyang Nobya, ang Gentil.”

¹⁸⁸ Nilinis ni Esther ang kanyang sarili. Nilinis niya ang kanyang puso. Iyon nga ang nilinis niya. Iyon ang kailangan ng iglesya: isang paglilinis ng puso.

“Papaano mo lilinisin ang puso mo, Kapatid na Branham?”

¹⁸⁹ “‘Sa paghuhugas ng tubig ng Salita,’ sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo.”

¹⁹⁰ Sinabi nga ng Biblia na mali para sa mga kababaihan na kumilos nang ganoon, at para sa mga kalalakihan na hayaan silang gawin 'yun. Para 'yun sa inyong dalawa. Isang lalaking hinahayaan ang maybahay niyang lumabas doon sa kalsada na halos hubad, nakasuot ng ganoong damit, napakaliit ng tingin ko sa kanya bilang isang lalaki. Isa siyang sunud-sunuran. Ganoon nga. Para lang kayong basahang ginagamit-gamit ng babae. Mahiya kayo. Dapat kayong magpakalalaki.

¹⁹¹ At may pastor ding pinalalampas lang ang kanyang iglesya sa ganoong mga bagay, na hindi man lang niya dinidikdik 'yun nang maigi sa pulpito. Isa siyang di tunay na lalaki. Ang kailangan natin ay mga lalaki, ng Ebanghelyo, hindi dahil may suot-suot na guwantes pang-mason, kundi may kapangyarihan at pagpapamalas ng Banal na Espiritu, gamit ang Salita. Sinasabi nga ng Biblia na mali ang mga bagay na 'yun. Mali para sa mga tao na gawin ang mga bagay na 'yun, na kumilos nang ganoon. Kailangang maipangaral nga ito, at maipamuhay, at sa lahat pa nga ng mga dako. O, kailangan ng puspusang pagdadalisay ang iglesya, isang paglilinis.

¹⁹² Dinalisay nang husto ni Esther ang puso niya sa harapan ng Diyos, lumakad nang may maamo at mapagpakumbabang espiritu; ang Iglesya nga na magiging Nobya ni Cristo. Ngayon, alalahanin n'yo, tinanggihan ni Esther ang paggagayak nitong sanlibutan. Dinala niya ang Espiritu sa kanyang puso, sa pagparoon niya sa harapan ng hari.

¹⁹³ At ang babae ngayon, ang iglesya ngang nag-aakalang makapapasok siya dahil sa mas marami ang bilang ng kanyang miyembro, siya ang may pinakamagagarang manamit na mga miyembro, siya ang may pinakamalaking organisasyon, ang pinakamalaking simbahan sa siyudad, at mga ganoong bagay, aba'y sasablay kayo nang milyong milya kung sa bagay na 'yan kayo nakadepende.

¹⁹⁴ Dapat ay sa kalugod-lugod, mabait, mapitagang espiritu sa Salita ng Diyos, “nahugasan ng tubig ng Salita” at ang Salita

ay nasa inyo. Isa ngang paglilinis. Amen. Nangangailangan ang iglesya ng isang paglilinis, isang kumpletong-Ebanghelyong paglilinis. Siyanga. Hindi kulang-kulang na paglilinis, kundi isang kumpletong-Ebanghelyong paglilinis, nilinis, “ginawang mga bagong nilalang kay Cristo Jesus.”

¹⁹⁵ Ang Nobya ni Jesus ay hindi isang maruming nobya. Hindi Niya tatanggapin ang isang maruming, Nobya.

¹⁹⁶ Kung pupunta ang isang babae para magpakasal, at mukha siyang nanggaling doon sa kulungan ng baboy; ang isang lalaking may taglay na dignidad, ay hindi pakakasal sa kanya. Sasabihan niya ang babaing maglinis muna ng kanyang sarili.

¹⁹⁷ At sa pagpunta ng iglesya ni Cristo para magpakasal, na sa isip niya’y maibibilang siya sa Nobya, gayung nakakabit ang lahat ng sanlibutan sa kanya, hindi nga magiging ganoon ang Nobya ni Cristo. Hindi, po.

Bibilisan ko na po ito.

¹⁹⁸ Ni ang Iglesya ni Cristo, ng Panginoong Jesus Cristo, ang Iglesya ngang ’yun ay hindi gusgusing Iglesya, rin naman, na suot-suot ang tagpi-tagping basahan ng mga denominasyon. Hindi niya kailangang maging miyembro pa ng isang malaking denominasyon. Ang kailangan niya’y mahugasan siya ng Dugo, mabayaran ng Dugo. Hindi ’yung sasabihing kasapi kami ng pinakamalaking iglesya, ng pinakamalaking organisasyon, o *nito*, *niyon*, o ng *iba pa*. Kailangang dalisay siya, nilinis, banal, walang dungis o kulubot, sa pamamagitan ng Dugo ng kanyang—kanyang Tagapagligtas, na si Jesus Cristo.

¹⁹⁹ Gaya nga ni Esther, may nakapaloob na Tao sa puso niya, may nakapaloob na Tao, ang kaamuan at kagandahang-loob ng Espiritu ng Diyos, sa puso ng tao; hindi ang kaluwalhatian at kagarbuhan ng sanlibutan.

²⁰⁰ Lagi ko ngang sinasabing kumikinang ang sanlibutan; ang Ebanghelyo nama’y nagniningning. Oh, milyong milya nga ang pagitan nito. Kumikinang ang Hollywood; ang Iglesya ni Cristo ay nagniningning sa kariktan, at marahan, at kalugod-lugod, mabait. Siyanga.

²⁰¹ Ayaw ni Esther na gayakan ang kanyang sarili ng lahat ng mga modernong pananamit ng sanlibutan. Hindi kasi ’yun magmumukhang asawa ng hari.

²⁰² At tayo, na nagnanais na maging kamukha ng sanlibutan, sa tingin n’yo ba’y magmumukha kayong Asawa ng Banal na Lalaki? Tayo, bilang Iglesya ng buhay na Diyos, na ang sarili’y ginagayakan natin ng mga bagay ng sanlibutan, sa tingin n’yo ba’y magmumukha nga tayong Asawa ng Banal na Lalaki kung ganun? Magmumukha ba tayong natural sa lagay na ’yun?

²⁰³ Kung makakakita kayo ng isang lalaki ngayon, na isa raw banal na lalaki; at heto na’t parating ang asawa niya, na gaya

roon sa unang ginang, nagagayakan nung naglalakihang ayos ng buhok na *paganito*; at mamula-mula 'yung bahagi niyang ito, at berde naman dun sa kabilang bahagi; at—at para siyang tinamaan sa bibig ng pamahid ng pintura; at lahat na nitong kung anu-ano pa, naglalakad sa lansangan, na nagmumukha tuloy longganisa sa sikip ng suot; at ganoong katataas ang mga takong, pakendeng-kendeng, naglalakad doon sa lansangan; at sasabihin, “Asawa 'yun ng isang lalaking banal”? Hindi ako nagbibiro. Sinasaysay ko lamang ito.

204 Dumalo ako noon sa isa sa malaking Pentecostal na gawain natin, dito kamakailan lang. Nagpalagay ako ng isang tolda. At sabi sa akin ng pastor, sabi, “Ang asawa ko’y organista.”

Sabi ko, “Mabuti 'yun, kapatid.”

“Hindi naman siguro masama kung tutugtog siya?”

Sabi ko, “Hindi. Hindi, po. Tunay na hindi.”

205 At pinuntahan niya ang tagapangasiwa ng gawain. Sabi ng tagapangasiwa, si Kapatid na Baxter, sabi, “Ayos lang 'yun.”

206 Sabi niya, “Kapatid na Branham, halika rito. Gusto kong makilala mo ang asawa ko.” At pumunta ako roon.

207 Sana’y mapatawad n’yo ako. Kita n’yo? Hindi ko ginagawa ito, para makapagsalita lang ng—ng kung anu-anong puna. Ang ginagawa ko’y pagsasaysay lang. Kita n’yo?

208 At 'yung babae’y naka-manikyur pa yata 'yun. Di ko alam 'yung tawag. Yun ngang, alam n’yo, kolorete, at hindi pa ako nakakakita nang ganoon sa buong buhay ko; at 'yung damit niya’y hanggang *dito*, walang likod, at halos wala nga rin atang pang-ibaba. At hindi pa—hindi pa ako nakakakita ng ganoong itsura sa buong buhay ko. At naglalakihan 'yung suot niyang mga hikaw na nakabitin nang *paganito*, at napakaraming kung anu-ano pang nakalagay.

209 At nagpalinga-linga ako. Naisip ko, “Oh, naku!” Isa akong Baptist, at alam kong may mas iinam pa roon. Bumaling akong muli. Sabi ko . . .

210 Ngayon, pakiusap po, hindi nga ito isang biro. Hayan nga’t kinailangan kong sabihin 'yun sa naturang kapatid, at umaasa nga akong nakatulong 'yun sa kanya. Hindi ko 'yun sinabi para manghamak; kung ganoon nga, isa akong mapagpaimbabaw, kita n’yo, kailangan ko ring malinis, ang sarili kung ganun.

Sabi ko, “Ginoo, sinabi mo bang isang banal ang iyong maybahay?”

Sabi, “Oh, siyanga.”

211 Sabi ko, “Para namang hindi, sa tingin ko.” Sabi ko, “Wala pa akong—akong nakikitang ganyan sa buong buhay ko, lalo na’t asawa ng ministro. Hindi 'yan mukhang asawa ng isang lalaking banal.”

²¹² At maging ang iglesya ng buhay na Diyos, na tinatangkilik ang sa kanya'y usong pananamit, kanyang sosyalang salo-salo, at paglalaro ng dais, at paglalaro ng baraha, at mga sayawan, at mga sosyalan, ginagayakan ang kanyang sarili na kagaya nun, kagaya ng sanlibutan, aba'y hindi talaga magmumukhang Nobya 'yun ng Banal na Diyos. Kung maninigarilyo nga siya, at sasayaw, at dadalo sa kasiyahan, at pang-sosyalang hapunan, at iinom para makipag-sosyalan, at lahat ng katulad nun, aba'y masasabi n'yo pa rin bang Nobya 'yun ni Cristo? Hindi nga 'yun mukhang Asawa ng Banal na Lalaki, para sa akin. Hindi, nga. Hindi Siya pipili nang ganoon. Kukuha Siya ng isang babaing karapat-dapat, katulad ng kung ano ang kinakatawan niya. Naniniwala akong totoo nga 'yan. Siguro'y nakakasakit nga itong sinabi ko.

²¹³ Ang yumao kong nanay na tubong katimugan. Noon ngang batang paslit pa lang ako, ang mayroon lang kami . . . Wala nga kaming makain noon, halos, at ang mayroon nga lang kami'y gisantes at tinapay na gawa sa harina ng mais. Hindi ko alam kung alam n'yo ba kung ano ang mga 'yun o hindi. Hayan nga't wala rin kaming . . . Walang magamit na mantika ang nanay ko sa buong taon, at 'yung lumang-luma naming kawaling malaki ay kailangan pa naming isalang nang *paganoon*, para mailatag nang maigi 'yung mga balat ng karne roon. Ang mayroon nga lang kami'y kung ano lang 'yung mahiwa, o maihiwalay nung matadero na balat para maibigay sa amin. At inilalatag namin 'yun sa kawali, para kumatas 'yung mantika, at isasalin 'yun sa pagkain.

²¹⁴ Tuwing Sabado ng gabi, sinasabi ni nanay na kailangan naming uminom ng kaunting castor oil. At hindi ko—hindi ko talaga masikmura 'yung bagay na 'yun kahit mapasa-hanggang ngayon. At kailangan kong inumin 'yun. Lalapit ako sa kanya, na pisil-pisil ko 'yung ilong ko nang *paganito*. Sasabihin ko, “Nanay, hindi ko—hindi ko talaga kaya.” Sabi ko, “Sumasakit nang husto ang pakiramdam ko.”

Sabi niya, “Kung hindi nito pinasasakit ang pakiramdam mo, wala itong maidudulot na anumang mabuti sa iyo.”

²¹⁵ Hayan nga't sa palagay ko'y ganoon din ito sa pangangaral ng Ebanghelyo. Kung hindi nito iibahin nang kaunti ang iyong pakiramdam, sisimulang . . . paganahin nang tama ang iyong espirituwal na tiyan, pasasakitin nang kaunti ang pakiramdam mo, para siyasatin mo ang sarili sa Biblia: siyasatin 'yung ugali mong pagkamainitin ang ulo, at pagkamakasarili, at kasamaan, pag-ibig sa sanlibutan, telebisyon, at mga bagay-bagay sa gabi; at pagpapabaya na hindi makadalo sa panambahan, at walang laman ang mga bangko sa simbahan. Gayong, dapat nandoon kayo na katulad ni Jesus, taglay ang Kanyang Espiritu sa inyo, nagsisikap na makaakay sa lahat ng panig ng bansa ng dadalo sa inyong simbahan, upang tanggapin nila si Cristo. At tapos

tinuturing natin ang ating mga sarili na Nobya ni Cristo? Oh, kahabag-habag, kaibigan!

216 Dumating na ang oras. “Inihahanda na ng Kanyang Nobya ang Kanyang Sarili.” Oh! “Inihanda na ang Kanyang Sarili.” Isinantabi na Niya ang lahat ng mga bagay na ito. Alalahanin n’yo, si Esther ang napili, at ang iba’y tinanggihan. At ’yun lamang mga naipanganak na muli, taglay ang Espiritu ng Diyos, ang siyang Pinili sa Araw na ’yun, na ang putong ng kaluwalhatian ay ipuputong sa Kanyang ulo. At ang iba nga’y tatanggihan.

217 Hayaan n’yong ikuwento ko sa inyo ang isang bagay na nangyari noon. Ako—Ako, ako’y isang misyonero, gaya nga ng pagkakaalam n’yo, na gumagawa ng pagi-ebanghelyo, gawaing pagmi-misyon, mga pitong beses na rin sa ibayong dagat, sa palibot ng mundo. Hayan nga’t, hindi pa katagalan, sa siyudad ng Roma, ang Roma nga’y isang tanyag na siyudad para sa sining. At may isang paaralan sila roon ng sining at ang ilan sa ating mga kabataang Amerikano ay dumadayo roon taon-taon, para kumuha ng isa o dalawang taong ng pagsasanay sa sining, upang matutong magpinta ng mga larawan. May isang grupo ng mga kabataang Amerikano ang pumaroon, ilang taon na ang nakararaan, ayon nga sa ikinuwento sa akin. At nung mapunta sila roon, para ba silang sabik na sabik na kumawala. Hayan nga’t nariyan na sila sa Roma, ginagawa na rin nila kung anong ginagawa nung mga taga-Roma: lumalabas at nag-iinuman, at hinuhubaran ang kanilang sarili, at lahat na, at kung anu-anong pinaggagagawa, kapwa lalaki at babae.

218 At may isang paaralan doon. At sa naturang paaralang ito, pumasok itong—itong grupo ng mga kabataang Amerikano. At bawat isa sa kanila, halos, ay iisang bagay lang ang inaatupag. Subalit isang munting babae, hindi niya ’yun maatim, talaga. Nanatili lang siya sa tinutuluyan nila. Sa gabi, nagbabasa siya habang naroon ang lahat sa labas na nagsisipaglasing. Sa araw, nagtrabaho siya, nag-aaral. Buweno, tumpalan siya ng pang-aasar ng buong paaralan. Pero pinanatili niya ang sarili niya na gaya ng isang binibini, kumilos siyang gaya ng isang binibini. Bagamat may mga kabinataang Romano at lahat na sa paligid, na pinipilit siyang lumabas, tumanggi siya rito. Hindi, puwede. Pinagtuunan lang niya ng pansin ang kanyang pag-aaral, nag-aral siya kung paano gumuhit, at magpinta, pala. At ’yun lang ang pinagtuunan niya ng pansin.

219 Di kalaunan, may isang matandang katiwala sa lugar ang nakapansin sa kanya, napansing siya ay masyadong kakaiba, bagamat ang katiwala’y isang Romano Katoliko, pinagmasdan niya ang dalaga, kung paano siya kumikilos. Isang gabi, ’yung dalaga, mula sa liwasan kung saan naroon ang—ang gusali sa pagpipinta, hayan nga’t, o ’yung lugar kung saan naroon ang paaralan, lumabas ’yung dalaga ng bakuran ng paaralan, at

umakyat patungo sa ibabaw ng burol, at papalubog na noon ang araw. At tumayo siya roon sa ibabaw, ang mukha niya'y napakaganda, at walang kolorete, at nakalugay ang kanyang buhok, habang nakatingin sa *gawi* ng palubog na araw.

²²⁰ Nagkakalaykay noon ang matandang katiwala sa bakuran. Pinagmamasdan niya 'yung babae, habang nagkakalaykay siya. May kung anong nag-uudyok sa katiwalang, "Pumaroon ka, kausapin mo siya." Kaya ibinababa niya ang kalaykay niya, hinubad ang luma niyang laylay nang sumbrero, umakyat sa kinaroroonan ng dalaga. Napalunok siya. Pumihit ang dalaga. Sabi nung katiwala, "Ipagpaumanhin mo, binibini."

Sabi nito, "Ayos lang po, ginoo. Ayos lang po."

²²¹ At napansin ng katiwala na umiiyak ang dalaga. Ang lahat ng ibang kabataan ay nasa isang malaking kasiyahan para sa gabing 'yun. Sabi ng katiwala, "Binibini, sana di mo masamain ang sasabihin ko sa'yo, kasi gusto ko lang maliwanagan." Sabi, "Matagal ka na rito, mag-dadalawang taon na nga ngayon. At napansin kong 'yung grupo ng mga kasamahan mong naparito, naroon sila parati sa mga kasiyahan, at gabing-gabi na sila nakakabalik, lasing, at halos mahubaran na, at kung anu-ano pa. Subalit napansin kong hindi ka dumadalo sa ganoong mga kasiyahan." At sabi, "Akin—akin ngang napapansin, na tila, nakatanaw ka palagi sa ibayong dagat. Sa gabi, pumaparito ka, at tumatayo ka rito gabi-gabi, at pinapanood ang paglubog ng araw." At sabi, "Anong, anong dahilan?" Sabi, "Ako'y matanda na. At gusto ko—ko sanang malaman kung ano ang dahilan at naiiba ka sa ibang kabataan."

²²² Sabi niya, "Sige, po." Sabi niya, "Ginoo, nakatanaw ako sa *gawi* ng aking tahanan sa tuwing lulubog ang araw." Sabi niya, "Doon po kasi, sa ibayo ng araw na 'yun ay ang aking bansang kinalakihan." At sabi niya, "Sa bansang 'yun ay may isang estado. At sa estadong 'yun ay may isang bayan. At sa bayang 'yun ay may isang bahay. At sa bahay na 'yun ay may isang binata." Sabi, "Siya, rin naman, ay isang pintor. At nung lumuwas ako, para magtungo rito, ipinangako ko ang pag-ibig ko sa kanya. Nagkaroon na kami ng kasunduan sa isa't isa."

²²³ At sabi niya, "Kahit na ano pa ang gawin ng iba, walang halaga 'yun sa akin." Sabi niya, "Nangako akong mamumuhay nang tapat at tama." At sabi niya, "Nasasabik ako sa araw na iyon na damang-dama ko na ang pakiramdam na makasakay sa ibabaw ng mga pakpak ng malaking eroplanong magdadala sa akin sa ibayong dagat at ilalapag ako sa palapagan kung saan sasalubungin ako ng minamahal ko. Nagtatayo siya ng isang tahanan, at mamumuhay kaming magkasama sa lupaing 'yun."

²²⁴ At sabi, "Iyan nga ang dahilan kung bakit kumikilos ako nang ganito. Tapat ako sa pangakong binitiwang ko sa isang binata. At siya man din ay tapat sa pangakong binitiwang niya

sa akin.” Sabi, “Binabalitaan niya ako, sa tuwi-tuwina, at sumusulat ako sa kanya, at,” sabi, “nagsusulatan kami sa isa’t isa. Pinanghahawakan namin sa tuwina ang aming sinumpaang, naghihintay sa araw na magkikita kami.”

²²⁵ Oh, angkop na angkop nga ito sa isang tunay na Cristiano, para lumayo mula sa mga bagay ng sanlibutan. At darating ang araw, gaya ng kinasasabikan n’yong pagbaba sa palapagan, sa mga pakpak ng Kalapati! Siya’y paririto para sa isang Nobya, isang nobyang di nakikipaglaro sa sanlibutan o sa mga bagay ng sanlibutan. Siya’y nahugasan sa Dugo ng Cordero. Kanyang ipinangako ang Kanyang—Kanyang pag-ibig para sa Kanyang minamahal lamang. Ang pag-ibig sa sanlibutan ay wala na at patay na sa Kanya. “Dumating na ang pagkakasal ng Cordero, at ang Kanyang Nobya ay nahahanda na.”

Isipin natin ’yun habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo nang ilang saglit.

²²⁶ Balang araw, sa pagtanaw ko sa palubog na araw, ako man, tatlumpu’t isang taon na ang nakararaan, ipinangako ko sa Isa na aking iniibig, ang lahat ng pag-ibig ko sa Kanya. Lagi kong sinisikap na humawak nang mainam sa Kanya at sa Kanyang Salita, saanman ako pumaroon. Alam kong maraming iba pa ang nakaupo rito, na ganoon din, naghihintay sa araw kung kailan dadaong na sa daungan ang matandang barko ng Zion, kukunin ang ating mga kaluluwa at dadalhin tayo sa Presensya Niya Na ating iniibig at pinangakuan ng ating pag-ibig.

²²⁷ Maaari ngang may ilang narito ngayong gabi, na hindi pa nangangako ng ganoong pangako. Maaaring may ilan ding ipinangako na iyon pero binali naman. Kung nasa ganoong kalagayan ka ngayong gabi, kaibigan, bakit hindi mo subukang manumbalik ngayong gabi at pag-ibayuhin ang iyong pangako? Kung hindi mo pa nagagawa, gawin mo na ito. Bakit hindi ka lumapit at gawin ito sa gabing ito? Sabihin, “Panginoong Jesus, iniibig Kita.”

²²⁸ Alalahanin mo, kung nakapangako ka na, at nakikisali pa rin sa mga bagay ng sanlibutan, hindi nga gugustuhin ni Jesus na magkaroon ng ganoong klaseng nobya. Ayaw niya sa isang mapangalunya. Ang lahat ng pag-ibig mo ay dapat na sa Kanya lamang. At kung iniibig mo ang mga bagay ng sanlibutan, at ang mga pauso ng sanlibutang ito, nang higit sa pag-ibig mo sa Diyos, kung gayon hindi mo pa naihahanda ang iyong sarili.

²²⁹ May ganyan ba rito ngayong gabi, habang nakayuko ang ating mga ulo, na nagnanais na magtaas ng kamay, magsasabi, “Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako. Nais kong maging ganoon. Nais kong—kong maging kabahagi ng Nobya. At alam kong nakakagawa ako ng mga bagay na hindi ko dapat gawin. Ipanalangin mo po ako”? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid kong babaing Indian. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. At

ikaw, kapatid kong lalaki. At ikaw, kapatid na lalaki. May iba pa ba? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham. Aking—aking—aking—aking nababatid na mali ako."

²³⁰ Ngayon maging tapat lang kayo sa inyong sarili. Magbalik-tanaw kayo sa inyong buhay. Kailangan n'yong magbalik-tanaw bago kayo makasulong. Tingnan n'yo kung ano nang kinahinatnan n'yo. Tingnan n'yo kung anong ginawa sa inyo ng espiritung nariyan sa inyo. Kung hindi kayo. . . Kung nag-aangkin kayong Cristiano, subalit nakikihalubilo pa rin kayo sa mga bagay ng sanlibutan, kapatid na lalaki, kapatid na babae, hindi ba't nararapat lamang na sabihan kayong bulag dahil hayan nga't hindi n'yo nakikitang mali kayo?

²³¹ May nagsabi sa akin noong isang araw, sabi, "Kapatid na Branham, pabayaang mo na lang siguro ang mga taong ganyan." Sabi, "Tinatawag ka pa namang propeta ng mga tao."

Sabi ko, "Hindi ako propeta."

²³² Sabi, "Pero iniisip ng mga tao na ikaw nga. Dapat sana'y turuan mo ang mga babaing ito. Sa halip na sabihan mo sila na magpahaba ng buhok at magsuot ng nararapat na damit at mga ganoong bagay, dapat sana'y sabihin mo sa kanila kung paano makakatanggap ng mga bagay na espirituwal."

²³³ Sabi ko, "Papaano ko sila matuturuan ng algebra, gayong ayaw man lang nilang matuto ng ABC, ng kinder? Ni wala man lang silang wastong pag-uugali para linisin ang mga sarili nila, mga natingan pa man din na, 'Nobyang ni Cristo!'" Hindi ko sinasabi 'yan na may halong pagkayamot. Sinasabi ko 'yan na may banal na pag-ibig.

²³⁴ Katulad nga ng sinabi ko kaninang umaga, kung nakita ko kayo sa may ilog na namamangka, at nakita kong tutumbukin n'yo na ang isang talon, at hindi na 'yun kakayanin ng bangka, sisigawan ko kayo at hihiyawan ko kayo, pero di ibig sabihin na gusto kong saktan ang damdamin n'yo. Minamahal ko kayo. Dahil, kung hindi gagawin 'yun, malalagay sa kapahamakan ang buhay n'yo.

²³⁵ Mayroon pa ba, na magtataas ng kanilang mga kamay bago tayo manalangin? Nakikita kita, diyan sa likod. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, ikaw. Alam n'yong ipinakikita ng buhay n'yong mali kayo. Kung iniibig n'yo pa rin ang sanlibutan nang higit kaysa sa Diyos, ibig sabihin nun may mali sa kung saan. Siyasatin n'yo ang sarili n'yo. Diyan sa mga silid sa likuran, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham." Pagpalain ka ng Diyos. Ang Diyos nga'y. . . Sige po. Sinasabi ko nga sa inyo, ako'y—ako'y hanga talaga sa katapatan.

²³⁶ Iyan ang problema sa iglesyang Pentecostal ngayon. Wala na tayo nitong tunay na katapatan ng puso na dating taglay natin.

Wala na 'yung lakas ng loob nating—nating lumapit at magsabi, umamin na mali tayo. Tunay ngang napakahigpit na nang kapit ng diyablo sa iglesya na hayan tuloy at naglulublob na lang ito sa putik ng sanlibutan. Huwag n'yong gawin 'yan.

²³⁷ Pinatutunayan ng sarili n'yong buhay na wala sa inyo ang sinasabi n'yong taglay-taglay n'yo. Kung ganoon naman pala'y bakit hindi n'yo pa ipahayag ito? "Siya na nagpapahayag ng kanyang pagkakasala ay magtatamo ng kapatawaran: siya na nagtatakip ng kanyang pagsalangsang ay hindi giginhawa." Hindi n'yo mapagtatakan ito. Alam ng Diyos ang lahat ng tungkol dito. At kung nakikita n'yo na at nalalamang hindi kayo namumuhay nang tama, kung gayon bakit hindi n'yo ito ipahayag, at lumantad kayo at linawin ito?

²³⁸ "Ang mga kasalanan ng ilang tao ay hayag na; ang ilan naman ay kanilang sinusundan." Nawa'y ang akin ay hayag na. Nawa'y sabihin ko nang lahat ang aking kasalanan ngayon na. Nawa'y ituwid na ito ng Diyos. Ganyan nga ang dapat nating gawin.

²³⁹ May anim o walong kamay na nagsipagtaas. Nakatitiyak akong may marami pa dapat diyan para sa munting iglesyang ito, ngayong gabi, na may sangdaan o dalawang daang katao na dumalo, o marahil sangdaan at limampu pa nga. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. Ngayon, pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na babae. Siyanga. Pagpalain ka ng Diyos, iho. Mainam 'yan.

²⁴⁰ [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . -costal na kababaihan dati-rati'y hindi naman nagpapaputol ng kanilang buhok, pero ngayon ginagawa na nila. Anong nangyari? Dati-rati'y hindi sila nagpapahid . . . nagpapahid—nagpapahid ng kolorete. Hindi nga 'yan ginagawa ng nanay n'yo, kung pentecostal siya. Anong nangyari na ngayon? Dahil nga naglulublob sila sa mga bagay ng sanlibutan. At pinapanood tayo ng sanlibutan. Nag-aangkin tayong isang Iglesyang may kabanalan. Anong nangyari? Hindi na tayo mukhang Nobya ni Cristo. Sa mga kalalakhian naman diyan, ganoon din. Kapatid, mahiya ka.

²⁴¹ Makalangit na Ama, sa tuwing humaharap ako sa madla, nagtatawag ng dudulog sa altar na para bang, nananaway ako, binubuwag ko isa-isa, hayan nga't parang napakabagsik ko. Subalit sa loob-loob ko'y may nagdurugo, ngayong nalalaman kong papalapit na kami sa hangganan. Isa-isang bibigay ang maliliit na bangkang ito, isa sa mga araw na ito. Sasapit ang kamatayan, at ang pag-aagaw buhay. At ilang beses na akong ipinatawag sa tabi ng ilan, at narinig kong sinabi nila, "Oh, Kapatid na Branham, kung maaari ko lamang itong ipamuhay muli." Samantalang, narito ang may kakayahang gawin 'yun, Panginoon, na maituwid muli!

242 Sinisikap ko po ang buong makakaya ko. Diyos, ipahayag nawa ito ng Espiritu Santo sa mga tao, na sinisikap ko lamang silang tulungan, hindi upang pagalitan sila. Kundi, gaya nga ng sinabi ni Pablo, nung unang panahon! Diyos, ayaw ko po silang saktan, subalit nais ko silang saktan nang nararapat upang makita nila kung saan sila mali.

243 Dalangin ko pong Iyong ipagkakaloob, ngayong gabi, sa mga taong narito, na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, na—na lubos ang pagsasa alang-alang na—na umamin, sa harap ng Diyos, na sila’y mali, at nais nilang maituwid. “Magsihanap kayo, at kayo’y mangakasusumpung. Magsituktok kayo, at ito’y bubuksan.” Ngunit kung hindi naman kayo kakatok, papaano Niya bubuksan? Hindi naman kayo naghahanap, papaano kayo makasusumpung?

244 Ipahintulot nawa ng Espiritu Santo, Panginoon, na dalhin ang mga taong ito sa isang ganap na pagsuko sa Diyos, sa gabi pong ito. Nawa’y ang dakilang Ama ng aming Panginoong Jesus Cristo ay papaging banalin sila, kaluluwa, katawan, at espiritu, at ilagay sila sa Katawan ng Panginoong Jesus Cristo. “Sapagkat ang pagkakasal ng Cordero ay malapit na, at nahahanda na ang Kanyang Nobya.” Oh Panginoon, nawa’y ito na ang maging gabi ng paghahanda, sapagkat maaaring bukas na ang araw na makakatagpo namin Siya. Hindi namin alam kung anong oras kami tatawagin upang katagpuin Siya. Iyong ipagkaloob po ito, Panginoon.

245 Ngayon habang nananalangin ako, at nakayuko ang inyong mga ulo. Ang bawat isa sa inyo na nagtaas ng inyong kamay, kung taos-puso kayo sa bagay na ’yan, at tunay na ninanais n’yo talaga ’yan, at hindi kayo nahihiyang ipaalam sa mga tao na nagkamali kayo! Hayan nga’t tatayo rin naman kayong kasama ng mga taong ’yun sa Paghatol, ganoon din naman. At nakapaglagay na nga ang Diyos sa inyo ng sapat na pag-amin, upang makumbinsing mali kayo.

246 Hayan nga’t ilang panahon na ang nakalipas, nangangaral ako tungkol sa mga ganyang bagay. Nakausap ko ang isang dalagitang nakatayo sa may likuran. Nakapanghihilakbot ang itsura niya, isa pa namang anak ng ministro. At sinalubong niya ako sa labas ng simbahan, at kung hindi ba naman niya ako binulyawan! Sabi niya, “Ikaw na nagmamagaling.” Maliit, palaban, kinulayan ang labi; maiksi’t, ginupitan ang buhok. Sabi niya, “Kung gusto kong may kumausap sa akin tungkol sa bagay na ’yun, kukuha ako ng isa na nasa katinuan.” Sabi, “Huwag na huwag ka nang babalik sa pulpito ng aking tatay at mangangaral ng ganyang bagay sa susunod.”

247 Sabi ko, “Ibig mo bang sabihin sa akin, ang iyong tatay, na isang mabuti’t matapat na mangangaral na Baptist gaya ng pagkakakilala sa kanya, ay hindi mangangaral ng laban doon?”

Sabi niya, “Hindi ka niya binayaran para pumarito . . .”

Sabi, “Hindi naman niya ako, binayaran. Pumarito ako sa paanyaya.”

Sabi niya, “Hinding-hindi kita mapapatawad sa ginawa mong ’yun.”

²⁴⁸ Sabi ko, “Nasa sa’yo na ’yun. Sumusunod lang ako sa Ebanghelyo.” Dumadampi ang hangin sa kanyang mamulamang pisngi. Maganda pa namang dalagita.

²⁴⁹ Ilang panahon ang nagdaan, makaraan ng isang taon halos, napadaan ako sa lungsod. Nakita ko ang siya ring dalagitang ’yun na napakaiksi ng palda’t, naninigarilyo, naglalakad sa kalye. Naisip ko, “Asawa ’yun ni Kapatid na *Ganito-at-ganoon*, o, anak na babae pala.” Tumawid ako sa kalye, para tingnan kung masasalubong ko siya.

²⁵⁰ Tumingin siya sa akin, naninigarilyo, lumalabas ang usok sa ilong niya. Sabi niya, “Kumusta, mangangaral,” na parang wala man lang paggalang, parang ganoon.

Sabi ko, “Buweno, buweno!”

Sabi, “Humitit ka sa sigarilyo ko. Magpakalalaki ka.”

Sabi, “Hindi ka ba nahihya sa sarili mo?”

²⁵¹ Kumuha siya nun sa kanyang pitaka, sabi, “Kung ganoon heto ang sigarilyo.”

²⁵² Sabi ko, “Mahiya ka. Mahiya ka, na aalukin mo ang isang lingkod ng Diyos ng sigarilyo.”

Sabi niya, “Kung ganun siguro naman iinom ka mula sa bote ng alak ko.”

Sabi ko, “Pakiusap huwag mong sabihin ang ganyan.”

²⁵³ Pinagmasdan ko siya. Hindi ko mapigilang maluha, ’pagkat ang tatay niya’y isang mabuting tao. Tiningnan ko siya. Naisip ko, “Oh, naku! Akala niya’y mahaba pa ang panahon.”

²⁵⁴ Nagpatuloy na ako noon sa paglakad. Hindi ko mapigilan ang mga luha sa mga mata ko. Nagpatuloy na ako sa paglakad. Sabi niya, “Sandali lang.”

Sabi ko, “Ano ’yun, binibini?”

²⁵⁵ Sumunod siya. Halos isa ngang kahihyan ang makipag-usap sa kanya roon sa kalye, habang nagsisidaan ang mga tao. Lumapit siya. Sabi niya, “Naaalala mo pa ba ’yung sinabi mo sa akin noong gabing ’yun?”

Sabi ko, “Lagi kong naaalala.”

²⁵⁶ Sabi, “Gusto kong sabihin sa iyo, mangangaral, na tama ka nga.” Sabi niya, “Pinighati ko ang Espiritu Santo sa huling pagkakataon.” Ngayon, heto ang sinabi sa akin nung dalagita, na di ko makakalimutan kailanman, habang ako’y nabubuhay. Sabi niya, “Siya’y nakikipag-ugnayan sa akin noong gabing

'yun. Pero," sabi, "Noong tanggihan ko Siya nung oras na 'yun, huling pagkakataon ko na pala." Sabi, "Naging napakatigas na ng puso ko; wala na akong pagpapahalaga sa Diyos, iglesya, o anuman. Sinusumpa ko si tatay, araw-araw." At sabi pa niya, "Nakikinita ko nga ang kaluluwa ni nanay na napriprito roon sa impyerno, na mistulang tinapay na niluluto sa kawali, at tinatawanan ko lang." Pinighati niya muli ang Espiritu Santo sa huling pagkakataon. Isipin n'yo 'yun.

²⁵⁷ Umuwi na tayo sa ating Tahanan sakay sa pakpak ng isang Kalapati. Sikapin nating maging ang Nobya. Magsitayo kayo ngayon sa inyong mga kinauupuan, kung nagkamali kayo. Pumarito kayo. Tumayo kayo rito sa may altar at sabihin, "Nagkamali ako. Kapatid na Branham, laging mainitin ang ulo ko. O, ako'y—ako'y—ako'y namumuhay nang masama. Hindi ko—hindi ko dapat ginagawa ang mga bagay na ito na ginagawa ko. Kapatid na Branham, nagawa ko ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*. Nagkasala ako ng pagsisinungaling. Nagkasala ako ng pagnanakaw. Nagkasala ako ng kung anu-anong pagkakasala. Hindi ko napaglingkuran ang Diyos sa paraang nararapat kong gawin, at nahihiya ako sa sarili ko, at nais kong maiwasto ang buhay ko. Maaari mo ba akong ipanalangin dito ngayong gabi, Kapatid na Branham?" Ikagagalak kong gawin 'yun.

²⁵⁸ Kung tinutugon nga ng Diyos ang mga panalangin ko, para dinggin ang hinaing ng mga maysakit, bulag, at nagdurusa, tunay ngang diringgin Niya ang isang panalangin para sa makasalanang. Maaari ba kayong lumapit at maging kabahagi ng Nobya ngayong gabi? Inaanyayahan ko kayong lumapit.

²⁵⁹ Salamat, aking kapatid. Hanga talaga ako sa ganyang uri ng katapangan, na lalantad ka at aaming nagkamali ka. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid na lalaki. Tumayo ka *rito*.

²⁶⁰ Ang ibig n'yo bang sabihin, naitataas n'yo ang inyong kamay pero hindi naman pala kayo talaga sinsero? Ano nang nangyayari sa mga tao? Kapatid, ano nang nangyayari? Anong nangyayari sa mga kasamahan natin sa panahong ito? Ang ibig n'yo bang sabihin naitataas n'yo ang inyong kamay, upang amining mali kayo, pero hindi naman talaga kayo lalapit? Samantalang nalalaman n'yong, "Ang nakakaalam ng paggawa ng mabuti, at di ito ginagawa, sa kanya'y masama ito." Maaari na ba kayong magsilapit na?

Habang ang piyanista, kung maaari, kapatid na babaing, organista, saliwan mo kami nang marahang tugtog.

²⁶¹ Inaanyayahan ko kayo. Nais ko kayong tanungin. Ilan sa mga naririto ngayon ang nakadalo na sa mga pagtitipon kung saan. . . Alam n'yong hindi ako isang mangangaral. Wala akong pinag-aralan.

²⁶² Pagpalain ka ng Diyos, munting binibini. Kinakailangan ngang isa ka munang tunay na babae para magawa 'yan. Sa

munting mang-aawit natin na papalapit, pagpalain ka, kapatid kong babae. Tunay ngang katapangan 'yan. Ako'y—ako'y hanga talaga sa munting binibining 'yan. Pagpalain ka ng Diyos, iha. May munting anak akong babaing naiwan sa bahay, kasing edad n'yo ring lahat halos, ang munti kong si Rebekah. Hanga talaga ako sa iyo. Munting babaing Indian? Pagpalain ka ng Diyos, iha, isang munting prinsesa. Sumaiyo ang Diyos, iha. Sa iyo naman, munting kapatid na babae, sumaiyo ang Diyos. At sumaiyo rin, kapatid na babae.

²⁶³ Ngayon, tumingin kayo rito. Kung ang mga dalagitang kagaya n'yan, maliliit pang batang babae, mura pa ang pag-iisip; at mangangaral ka ng isang sermon na hahapak sa kanila upang magpira-piraso, at heto sila't lumalapit dito, nalalaman na mali sila, tumatayo rito sa harapan ng mga naririto upang magpahayag. Tunay, tunay ngang kayong mas nakatatandang kababaihan, hindi pa ba n'yan kayo lalapit? Pumarito kayo, at sumamang tumayo sa banda *rito*.

. . . would I seek Thy face;
Heal my wounded, broken spirit.

Awitin natin ito.

Save me by Thy grace.
Saviour, Saviour,
Hear . . .

²⁶⁴ Natitiyak kong sapat ang katapan n'yo para manalangin ng isang may pagpapakumbabang panalangin. “Tumawag Ka, Panginoon, subukin Mo ako, at siyasatin kung may anumang mali sa akin.”

Do not pass me by.

Pagpalain ka ng Diyos, mahal na kapatid na babae.

²⁶⁵ Ilan sa pagtitipon ngayon ang nagsitayo kanina at nakita, sa inyo na mga tagapakinig, kababaihan, kalalakihan, at lahat, ang nagsilapit kanina nang nakatayo akong nananalangin para sa mga maysakit, at sinabihan sila ng Espiritu Santo ng mga bagay, tungkol sa mga kasalanan nila at gayong mga bagay, at napagtanto 'yun? Ilan sa inyo ang napagtanto na totoo 'yun? Hindi nga kailanman mabibigo. Sinasabi sa akin ng Espiritu Santo, ang siya ring Espiritu Santo, na may kung anong bagay na narito ngayong gabi na pumipighati sa Kanya. Ngayon, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ngayon, katagpuin n'yo na ito rito, o Roon.

²⁶⁶ Hindi ako 'yung tipong natatangay ng mga emosyon. Hindi, po. Alam ko mismo kung saan ako nakatayo, at aking—aking nakikilala ang Diyos. Siyanga. Marami sa inyo ang kailangang tumayo rito mismo kung saan nakatayo ang mga dalagitang ito. Ngayon, maaari ba kayong magsilapit? Inaayayahan ko kayo. Hindi ako namimilit. Nagsasabi lang ako sa inyo.

267 May nagsabi, “Wala pa akong naririnig kahit noon ng pagtawag para dumulog sa altar kung saan nananaway muna’yung ministro sa mga dumalo, tungkol sa mga bagay-bagay.”

268 Sa ganoon naman kasi dapat ito isinasagawa. Hindi kayo lumalapit dahil sa isang makabagbag-damdaming kuwento, ng isang inang naghihingalo o kung anuman. Iyan, iyan nga’y dala lang ng emosyon. Ang Salita ng Diyos ang nagpapalapit sa inyo. Hindi kayo lumalapit dahil nadadala kayo ng kung anu-anong emosyon. Lumalapit kayo sa pananampalatayang ang Diyos ay Diyos, at kayo’y narito sa bahay ng paghuhukom ng Panginoon. At lumalapit kayo, na isinasamo ang inyong kaso.

269 Pagpalain kayo ng Diyos, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae. Nais kong kamayan kayo, sabihing nalulugod ako sa inyong tapat na pagpapasya. Munting binibini, nalulugod ako sa iyo. Pagpalain kayo ng Diyos. Ipagkaloob nawa Niya sa inyo ang magiting na Espiritu. Pagpalain ka, kapatid kong lalaki. Sumaiyo ang Diyos.

270 Minsan pa, at tayo’y magtatapos na. Maaaring magtapos na nga ito sa huling pagkakataon, siyanga. Kita n’yo? Di ko alam kung kailan. Sana’y hindi pa. Subalit maaari nga. Kita n’yo?

Saviour . . .

271 Halika rito, kapatid kong babae. Nais kong kamayan ka, salamat. Nalulugod ako sa pananampalatayang ’yan. Isa ngang tunay na pananampalataya ’yan.

272 Halika rito, kapatid kong lalaki. Nais kong kamayan ka, ngayon mismo. Nalulugod ako sa katapatan mo. Pagpalain ka ng Diyos.

273 Halika rito. Pagpalain ka ng Diyos. Nalulugod ako sa iyong katapatan, na manindigan para sa . . .

. . . pass me by.
Saviour . . .

274 Ano na? “Dumating na ang pagkakasal ng Cordero, at ang Kanyang Nobya ay nahahanda na.”

. . . humble cry;
While on . . .
Do not pass me by.

Ano na?

I’m trusting only in Thy merit,
Would I seek Thy face;
Heal my wounded, broken spirit (kung saan
humapak ang Salita),
Save me by Thy grace.

Saviour, Saviour,
 Hear my humble . . .
 While on other Thou art calling,
 Oh, do not pass me by.

275 Alalahanin n'yo, ang Espiritu Santo ang humapak sa inyong puso, at pumarito kayo. Pagbulay-bulayan n'yo ang mga dakong hinapak Niya, at hindi 'yun makakalimutan nung tao na 'yun sa buong buhay niya. Lagi nilang maaalala 'yun. "Kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso." Subalit kung lalapit kayo na inuudyakan na kayo ng Salita ng Diyos, at isinantabi n'yo pa rin 'yun, hindi ganyan ang gagawin ng Binhi ni Abraham. Iningatang mainam ni Abraham ang pangako ng Diyos sa puso niya, kahit ano pa ang dumaaan o lumipas.

276 Nalulugod ako sa lahat ng mga nakatayo rito sa palibot ng altar. Ang dalangin ko para sa inyo, ay ipagkaloob ng Diyos ang minimithi ng inyong puso ngayong gabi, at gawin kayong tunay na mga taong banal.

277 Ang ilan sa mga kabataang narito, may Indian, Espanyol, Mehikano, nakatayo rito sa palibot, mga taong nag-aangking mga Cristiano, sa loob marahil, ng maraming-maraming taon, ngunit naliwanagang mali pala 'yun. Nais na nilang maitama. "Mapalad ang nangagugutom at nangauhaw sa katuwiran, sapagkat sila'y bubusugin." Mga nagkasala, at nakapagpasya nang maitama 'yun sa Diyos, sa mga nag-aapoy na altar ng paghatol ng Diyos.

278 Talagang darating at darating kayo sa puntong 'yun, mga kaibigan. Talagang darating at darating kayo sa puntong 'yun, kaya ngayon pa lang harapin n'yo na 'yun. Huwag na n'yong hintayin pang mag-umaga. Baka mamamatay na kayo ngayong gabi, sa isang aksidente, sa pag-uwi.

279 Kamakailan lang sa isang pagtitipon, nagtawag ako nang mga nais dumulog sa altar, at—at nagtawag na nga ako, parang sa Ohio yata 'yun. At noong gabing 'yun, nung palabas na ako ng gusali, at kalalabas ko lang nang mga labinlimang minuto. May narinig akong nagsisigawan, sa tabi ng kalsada. Huminto ako, pinuntahan 'yun. Isang kotse ang naaksidente, nabunggo sa isa pa. At may aleng naipit dun, takot na takot, nakuha pa nga nung anak 'yung singsing nung ale, talagang takot na takot siya. Namatay 'yung ale. At nakausap pa nga raw niya ang anak niyang babae, habang nasa daan, habang nagmamaneho. Naabutan nila siya roon, at sinugod sa ospital. At nakadulog sana silang dalawa noon sa altar. At sinabi ng anak, "Si nanay, ang huling sinabi niya sa akin bago nabunggo ang kotse, 'Nakagawa ako ng pagkakamali ngayong gabi. Alam kong nagkamali ako.'" At doo'y binawian na siya ng buhay.

Oh, sasabihin n'yo, "Hindi 'yun mangyayari sa akin." Pero puwede. Puwedeng mangyari.

280 At paano na kung di na kayo kondenahing muli ng Espiritu Santo at sabihin sa inyong nagkamali kayo? Mananatili na kayo sa ganyang kalagayan nang Walang Hanggan. At alam n'yo, kung mananatiling ganyan ang espiritung nasa inyo, hindi n'yo na 'yun magagawa pa. Ginoo, magbalik-tanaw ka sa iyong buhay, at siyasatin kung paano ka namuhay. At balikan n'yo 'yun at tingnan kung kaibig-ibig, mapagpakumbabang buhay ni Cristo ba 'yun, na tumutugmang lahat sa Kanyang Salita. Kung hindi, kung gayon lumapit na kayo at itama n'yo mismo. May... Bakit—bakit n'yo ipagpapalit, kung nariyan na ang langit na punung-puno ng mga tunay na pentecostal na mga pagpapala na lilinis sa inyong puso, dadalisay sa inyong kaluluwa? Hindi ba't tama 'yun?

281 Ilan ang mga ministrong naririto ngayong gabi? Nais kong pumarito kayo mga kapatid at samahan kami rito. Ayos lang ba, kapatid? Sige. Pumarito kayo, maaari po ba, pansumandali, mga kapatid? Sige lang.

282 Sinabi ni Jesus, sa Kanyang Salita, “Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan; hindi na mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan.” Sinabi ng San Juan 6, “At siya’y aking ibabangon na muli sa huling araw,” isang pagkabuhay na mag-uli.

283 Mga kapatid, hayan nga't, kailangan nating tayuan 'yun. Kailangan nating gawin 'yun. Kinakailangan ngang magawa ito. Hayan nga't... Hindi ito emosyon. May emosyon ding kasama, siyempre. Tama naman. Ngunit ang pinakamahalaga rito, ay isang pusong talagang inialay.

284 Tanggapin n'yo na ang Salita ng Diyos, at sabihin, “Diyos, nagkamali ako. Patawad at nagawa ko 'yun. Talos Mo po ang puso ko. Nagkamali ako. Dito sa dakong ito, ipinahahayag ko ang aking pagkakamali. At sa gabing ito, at sa mga susunod pa, nakipagkasundo na ako sa Iyo. Bahagi ako ng Nobya. Hindi ko na gagawing muli *iyon*; hindi ko na hahayaang mangibabaw muli ang aking pagkamainitin ng ulo. Ako'y—ako'y kikilos na bilang tunay na binibini. Ako'y kikilos na bilang tunay na ginoo. Gagawin ko na ang mga bagay na sinasabi ng Bibliang dapat gawin. Panghahawakan na Kita sa Iyong Salita.” Kung gayon ay may pinatutunguhan na kayo.

285 Naniniwala ba kayo roon, mga mangangaral ng Ebanghelyo? [Sinasabi ng mga ministro, “Amen.”—Pat.] Iyon ba ang Katotohanan? [“Amen.”] Siyanga.

286 Ngayon, iyuko natin ang ating mga ulo para sa panalangin ngayon, ang bawat isa, sa sarili n'yong pagdulog.

287 Alalahanin n'yo, nasa mismong tabi n'yo lang si Cristo. Sa harapan n'yo naman, dito sa may altar, nangakatayo rito ang mga Cristianong nananalangin. Sa likod n'yo; mga ministro ng

Ebanghelyo na nananalangin. Hayan nga't, kayo'y inilalagay sa isang kalagayan ng taimtimang pananalangin.

²⁸⁸ Ngayon, inyong pag-amin, sa inyong mga puso, sa inyong sariling pagdulog. "Panginoon, nagkamali po ako." [Ang mga nasa altar ay nagsipagsabi, "Panginoon, nagkamali po ako."—Pat.] "Nagsisisi ako, Panginoon," ["Nagsisisi ako, Panginoon,"] "Nagawa ko itong mga bagay-bagay." ["Nagawa ko itong mga bagay-bagay."] "Ipinahahayag ko sa mga sandaling ito ang aking kasalanan." ["Ipinahahayag ko sa mga sandaling ito ang aking kasalanan."] "Ako'y sumasampalataya na sa Iyo." ["Ako'y sumasampalataya na sa Iyo."] "Tinatanggap na Kita." ["Tinatanggap na Kita."] "Nais kong mapabilang sa Nobya." ["Nais kong mapabilang sa Nobya."] "Sa Pangalan ni Jesus ito ang aking dalangin." ["Sa Pangalan ni Jesus ito ang aking dalangin."] Ngayon, panatilihin n'yo ang pagpapahayag n'yong 'yan sa inyong puso mula ngayon.

Ngayon ay mananalangin ako para sa inyo.

²⁸⁹ Makalangit na Ama, napakasakit nga sa akin kung minsan sa tuwing nakikita ko ang mga taong nagmamahal sa akin, at nakikita kung paano Mo dinadala ang Salita at inilalatag Ito roon. Tunay ngang humahapak Ito hanggang sa pinaka utak ng buto, subalit pagkatapos nun ay dumarating Ka mismo upang pagtibayin ito na ito'y Katotohanan. Ito nga ang Katotohanan.

²⁹⁰ Naritong nangakatayo ang mga kalalakihan at kababaihan, maging mga mumunting binibini, mga dalagitang nangakatayo rito na nakayuko ang mga ulo, at may luha sa kanilang mga mata, dito mismo sa sangang-daan ng buhay. Naisip ko ngang kung di rito'y doon sila hahantong, doon sa pasayaw-sayaw, na rock-and-roll, na grupo na sinasapian ng demonyo, hinaharian ng demonyo. Pero narito sila, nangakatayo rito ngayong gabi na nakayuko ang mga puso, nagnanais na mapanghawakan ang isang tiyak na bagay, upang masabing, "Panginoong Diyos, linisin Mo ako mula sa lahat ng mga bagay sa sanlibutan."

²⁹¹ Narito ang mga kalalakihang nasa edad media na, mga kabataang lalaki, matatandang babae, mga kabataang babae, na nangakatayong lahat nang sama-sama. Ipinapahayag nilang may mali sa kanila. Nangusap Ka sa kanilang puso; kung hindi'y wala sana sila rito. Ipinapakita lang nitong hindi sila makatatayo mula sa kanilang mga upuan, kung wala munang pagpapasya. Isang Espiritu ng Diyos ang pumaligid sa kanila, at—at nagsabi, "Nagkamali ka."

At ang munti nilang buhay ay nagsabi, "Panginoon, kung gayon ay ninanais na Kita."

At sasabihin ng diyablo, "Manatili ka sa pagkakaupo."

²⁹² Subalit sinasabi ng Espiritu ng Diyos, "Tumayo ka." At lumakad sila nang may pagsunod, at tumayo na rito sa altar.

293 Ngayon, gaya ng binanggit ko sa Iyo ang Iyong Salita, “Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy. Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niyebe; maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging mapuputi na parang balahibo ng tupa. Halikayo at bumili sa Akin, ng alak at langis. Ang Aking biyaya ay sapat. Ang dumirinig ng Aking mga Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan; at hindi na mapapasok sa Paghatol, kundi lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan. At ngayon dumating na ang pagkakasal ng Cordero, at inihanda na ng Nobya ang Kanyang Sarili.”

294 Ama, sila nga’y sa Iyo. Sila ang mga tropeo ng Iyong Salita. Naparito sila upang mahugasan ng tubig ng Salita, sapagkat ito nga ang kumpletong Ebanghelyo. Wala itong tinatangi. Ito’y bumabaon, hanggang sa kalagayang kamusmusan. Binubunot nito ang mga ugat, ang mga ugat ng kapaitan, ang—ang—ang mga ugat ng panlalamig, ang mga ugat ng sanlibutan. Bunutin Mo po ang mga iyon, Panginoon, sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Alisin Mo ang mga ’yun sa mga tao.

295 Hinihingi ko sila para sa Iyo ngayong gabi, Jesus, bilang Iyong sariling angking kayamanan, bilang mga hiyas sa Iyong putong, bilang mga miyembro ng Iyong Nobya. Hinihingi ko ang kanilang mga buhay. Dumadalangin ako nang buong puso ko, kasama ng mga ministrong narito, ng mga lingkod na ito ng buhay na Diyos. Idinadalangin ko pong alisin Mo sa kanila, Panginoon, ang mga bagay ng sanlibutan, at pagkalooban sila ng katapangan para makapanindigan sa harapan ni Satanas. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Sumasampalataya kaming Iyong gagawin nga ito. Sinabi Mo, “Hilingin ninyo sa Ama ang anuman sa Aking Pangalan, gagawin Ko ito.” Hayan nga’t, di Mo naman sinabing, “Uh, siguro’y gagawin Ko ito.” Ang sabi Mo, “gagawin Ko ito.” At nananampalataya akong totoo ’yun.

296 Ngayon, nasusulat naman din sa mga Kasulatan, “Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas sila ng mga demonyo.” Isa ngang diyablo ang nagbubunsod sa isang dalaga o isang babae, na mapariwara ang kanyang buhay. Isa ngang diyablo ang nagbubunsod sa isang lalaki na mapariwara ang kanyang buhay. At nais kong banggitin ang isang munting kuwento, Panginoon, sa panalangin ko. At idinadalangin kong diringgin Mo ako, at tutugunin ang panalangin ko, na ang bawat isa na mga narito ngayon ay maaangkin ngayong gabi bilang mga hiyas ng Kaharian. Sila’y nagsilapit. At pananagutan ko nga ang mga sinabi ko ngayong gabi. Hayan nga’t narito silang nagsilapit upang tumayong kasama ko, at kunin na ang aming lugar sa tabi ni Cristo.

297 Ngayon, Satanas, talunan ka na. Pinigilan mo ang ilan sa mga narito, subalit hindi ka nanalo sa labanan. Sinabi ni

Jesus, “Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy.”

²⁹⁸ Satanas, sinasabi ko nga sa iyo, na nung araw ay may isa noong munting batang lalaking pinapastulan ang mga tupa ng kanyang ama. At dumating ang isang leon at kinuha ang isa sa mga 'yun, tinangay 'yun, minaltrato 'yun nang husto, at akma nang lalapain. Subalit itong munting bata'y isa ngang tunay na pastol, wala man siyang anumang sandata kundi tirador nga lang, subalit ang pananampalataya niya'y nakalagak sa Diyos na buhay. Tinugis niya ang leon, at nahuli 'yun, at kanyang—kanyang pinaslang 'yun. Matapang niyang hinarap 'yun, at dinakma niya 'yun sa kiling nito at pinaslang 'yun. Tinanggal niya ang tupa mula sa pagkakasakmal, dinala ang tupa pabalik sa pastulan para gamutin ito.

²⁹⁹ Tinangay mo ang mga minamahal na tupang ito ng Diyos, ang mga binibining ito, at ibinunsod mong gupitan nila nang maikli ang kanilang buhok at magkolorete, at magmukhang gaya ng mga bagay na kinokondena ng Biblia, at inakala mong iyong-iyong na sila. Subalit narito nga akong dumarating gamit-gamit lang ang simpleng maliit na tirador na ito ng panalangin. Aagawin ko na sila pabalik ngayong gabi. Hindi mo na sila masasakmal pa. Natalo ka na sa labanan. Ang mga minamahal na kalalaking ito na nangakatayo rito, mga tupa ng Diyos, pakawalan mo sila. Inuutusan ka namin, sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo. Inilalagay ko sa pagitan ng mga ugaling ito at mga pagkamainitin ang ulo, at mga imoral na gawa at kahit ano pa man 'yan, inilalagay ko ang Dugo ni Jesus Cristo, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pagitan ng mga ito at ng bagay na iyon muli. Hindi mo na sila masisila pang muli. Sila'y nasa pastulan na ng Ama. Sila'y mga anak Niya. Lumayo ka sa kanila. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, inuutusan kita.

³⁰⁰ Walang kahit anupamang diyablo roon sa impyerno ang makakasaling pa sa inyo, kung sasampalatayanan n'yo 'yun. Kayo'y nababalutan na ng Dugo. Napapaligiran kayo ng panalangin, mga ministro ng Ebanghelyo, at mga mensahero ng tipan, panalangin. Lahat kayong nangakatayo rito, nagsilapit kayo, nalalamang may mga gawi kayo, mga pagkakamali, at mga bagay na ikinahihiya n'yo. Kung ilalapag n'yo na ang mga ito ngayon sa tansong dambana ng paghatol ng Diyos, at tatanggapin na ito ngayon bilang kapatawaran, na ibinigay sa inyo ni Cristo, maaari ba ninyong gawin ang paghahandog na iyon nang may pananampalataya, at itaas ang inyong kamay at sabihin, “Tinatanggap ko na ito ngayon. Wala na 'yun. At mula sa araw na ito, hindi ko na muling gagawin 'yun”? Ligtas na kayo sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo. Amen. Amen. Purihin ang Diyos.

Mayroon pa bang iba na nagnanais na lumapit, sumama sa grupong narito?

³⁰¹ Mayroon bang maysakit sa gusali, na nais tumayo para maipanalangin sa oras na ito? Tumayo po kayo.

³⁰² Nais kong ang bawat isa sa inyong naririto ngayon, kung hindi pa kayo—kung hindi pa kayo bahagi ng isang mainam na iglesya ng kumpletong Ebanghelyo, dumalo kayo sa isa, dito nga po’y puwede naman, kung nakatira lang kayo sa malapit. Makipag-ugnayan kayo sa pastor at magpabautismo. At kung hindi pa n’yo natatanggap ang Banal na Espiritu, idalangin n’yong ipagkaloob sa inyo ng Diyos ang Banal na Espiritu at puspusin kayo, gawin kayong kabahagi ng Nobya.

³⁰³ Tumingin kayo sa madla, mga kapatid, sa mga maysakit. Hindi nga kayang sakmalin ng diyablo ang mga taong ’yan. Ito na ang oras ng pagpapalaya. Hallelujah! Hindi ba’t naniniwala kayo roon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

Atin ngang iyuko na ang ating mga ulo sa pananalangin.

³⁰⁴ At bawat isa sa inyo na mga nariyan, na may sakit, kayong mga nangakatayo, ipatong n’yo ang mga kamay n’yo sa isa’t isa. Sinabi ni Jesus Cristo, “Lalakip ang mga tandang ito sa magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila’y magsisigaling.” Ipatong n’yo ang mga kamay n’yo sa isa’t isa. Ngayon, hindi kayo mananalangin para sa sarili n’yo. Mananalangin kayo para sa katabi n’yo na pinapatungan n’yo ng kamay, pagkat sila ang mananalangin para sa inyo.

Manalangin tayo ngayon nang sama-sama bilang isang Iglesyang Cristiano.

³⁰⁵ Panginoong Jesus, nagpapasalamat kami para sa tagumpay ngayong gabi, sa mga kaluluwa na nagsilapit sa Iyo. Ngayon, tinatangay ng diyablo ang ilan sa Iyong mga tupa, gamit ang mga sakit. Narito kami upang bawiin sila. At bilang Iglesya ng buhay na Diyos, sinasaway namin ang diyablo, at sinasabi, “Pakawalan mo ang mga maysakit, Satanas. Inuutusan ka namin sa Pangalan ni Jesus Cristo, nang sila’y magsigaling.” Sinabi ng Biblia, “Lalakip ang mga tandang ito sa magsisi sampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa maysakit, sila’y magsisigaling.” Iyon ang pangako ng Diyos, at alam naming totoo ito. Pinagaling na sila sa pamamagitan ng mga latay ng Panginoong Jesus Cristo.

³⁰⁶ Ngayon, kung nananampalataya kayo, itaas n’yo po ang inyong mga kamay at papurihan Siya. Amen.

³⁰⁷ Buweno, pastor, ikaw na po. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Napakainam na makasama ka ngayong gabi. Sumaiyo ang Diyos.

Pagpalain kayo ng Diyos, mga kapatid na narito.



ANG PAGKAKASAL NG CORDERO TAG62-0121E
(The Marriage Of The Lamb)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Enero 21, 1962 sa Fellowship Tabernacle sa Phoenix, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org